


# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Teaching Guide on Financial Literacy



**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan**  
Teaching Guide on Financial Literacy

**Copyright Notice.** Section 176.1 of Republic Act No. 82 93, or the Intellectual Property Code of the Philippines, provides: "No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."

This teaching guide on financial literacy was prepared by the Curriculum Development Division, Bureau of Elementary Education, Department of Education under the auspices of the Bangko Sentral ng Pilipinas.

**Published by Bangko Sentral ng Pilipinas**

Produced and Distributed by:  
Corporate Affairs Office

Printed in the Philippines  
ISBN 978-971-94085-1-2

Bangko Sentral ng Pilipinas  
Mabini cor. P. Ocampo Sts., Malate 1004  
Manila Philippines  
<http://www.bsp.gov.ph>



*“ Ang kabataan ang pag-asa ng ating bayan.”*

- Dr. Jose P. Rizal

## MESSAGE

I extend my deepest appreciation to the Bangko Sentral ng Pilipinas and its partners for entrusting to the Department of Education the task of integrating in the elementary curriculum lessons on financial literacy.

Indeed, there is a need to instill among our school children the values of *pagkamasinop*, *pagkamatipid* and *pagkakaisa*, and to help them develop the habit of *pag-iimpok* and proper money management as a means to ensure their good future. Likewise, at an early age, our school children should acquire the values of *pagkamaabilidad* or *pagkamalikhain* and skills in *pag-entreprenur* so that they can be productive citizens of the country.

To make certain that all these relevant values and lessons on financial literacy are covered, the DepEd's Curriculum Development Division of the Bureau of Elementary Education has integrated them in three learning areas: *Edukasyong Pagpapakatao, Sibika at Kultura I – III* and *Heograpiya, Kasaysayan at Sibika IV – VI* and *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan*.

No doubt the Teaching Guide on Financial Literacy in these three subjects will help and guide our teachers in inculcating the values needed to develop the habit of saving among our school children thus, contributing to the development of our nation's economy.

Congratulations to everyone involved in this project and Mabuhay!



**JESLI A. LAPUS**

Secretary  
Department of Education

## MESSAGE

On behalf of the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) I thank the Department of Education under the leadership of Secretary Jesli A. Lapus and our other partner organizations for the development and dissemination of teaching guides on saving and money management.

Now, we are on track to institutionalize the integration of these basic financial lessons in the elementary grades curriculum.

BSP pursued the integration of these lessons as a positive response to the result of a survey which indicated that only less than 5% of our youth regularly save money.

We believe that saving as a habit can best be developed among schoolchildren who also wield influence in their homes and communities.

An important component of this program is the commitment of our public school teachers to undertake the challenge to teach saving and money management to elementary pupils.

With the teachers of *Edukasyong Pagpapakatao (EP)*, *Sibika at Kultura* and *Heograpiya*, *Kasaysayan at Sibika (SK and HEKASI)*, and *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP)* at the forefront of this effort, we are confident that our youth will develop the habit and the discipline to save and invest regularly for their future.

We therefore thank all our teachers, principals and supervisors on whose shoulders depend the success of this undertaking.

We also acknowledge the support of the Curriculum Development Division of the Bureau of Elementary Education, as well as the lesson exemplar writers, tryout teachers, supervisors, and principals from different school divisions who were involved in the development, pilot testing, validation and finalization of the teaching guides.

Together, let us continue to nurture a new generation of Filipinos who know about saving and money management.

Mabuhay!



**AMANDO M. TETANGCO, JR.**

Governor

Bangko Sentral ng Pilipinas

## ACKNOWLEDGMENT

The development of the Teaching Guide for the integration of Financial Literacy lessons in *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan* (Home Economics and Livelihood) was made possible through the cooperative efforts of the Bureau of Elementary Education (BEE) of the Department of Education (DepEd) and the Divisions of Cavite, San Jose del Monte, Makati, Batangas, Bataan, Eastern Samar, Valenzuela, Negros Oriental and Cotabato City; the Economic Policy Reform & Advocacy (EPRA), a cooperative project between the Ateneo de Manila University and the United States Agency for International Development (USAID); and the Corporate Affairs Office of the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).

## FOREWORD

The Teaching Guide on the Integration of Financial Literacy in *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan* provides school administrators, teachers and pupils with basic concepts and principles which will help them develop economic values focused on saving for economic growth and development. The Guide consists of two parts : Part I shows the matrix of financial literacy concepts and messages and the entry points of integration found in the learning competencies of *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan* for Grades IV- VI . The matrix of integration serves as guide for teachers on how the integration can be done. Part II consists of series of lessons (*aralin*) to be taught by teachers per grade level. Each lesson consists of the following parts:

Title of the lesson

Core Message/s

Core / Related Value

Materials and References

**A. Panimulang Gawain**

(Review and / Motivation)

**B. Panlinang na Gawain**

(Paglalahad, Paghahambing at Paghahalaw )

**C. Pangwakas na Gawain**

( Paglalahat, Paglalapat at Pagbibigay-halaga )


The Teaching Guide was developed through series of workshops and validated and tried out in selected schools and divisions located in Luzon, Visayas and Mindanao. Refinement and finalization were based on the feedback, comments and suggestions gathered from the field tryout as well as from the experts in financial literacy and *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan*. Finally, the Guide endeavors to translate knowledge into actions done by children which eventually will be embedded in their adult lives.



FE M. DELA CRUZ

Director

Corporate Affairs Office  
Bangko Sentral ng Pilipinas



YOLANDA S. QUIJANO

Director IV

Bureau of Elementary Education  
Department of Education

**TABLE OF CONTENTS**

<b>Part I. Matrix of Integration</b>	<b>1</b>
<b>Part II. Lesson Plans in <i>Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan</i></b>	
<b>GRADE 4</b>	
Aralin 1 – Kahalagahan ng Pag-eentreprenur	<b>4</b>
Aralin 2 – Nakakatulong ang Bawat Kasapi ng Mag-anak sa Pagtitipid	<b>8</b>
Aralin 3 – Pag-eentreprenur at Pakikipagsapalaran	<b>12</b>
Aralin 4 – Mga Paraan Upang Makapagtipid	<b>17</b>
Aralin 5 – Talaan ng Gastos at Kita	<b>22</b>
Aralin 6 – Tingiang Tindahan at Pamumuhay ng Mag-anak	<b>25</b>
<b>GRADE 5</b>	
Aralin 1 – Pagtutuos ng Gastos at Kikitain sa Natapos na Proyekto	<b>28</b>
Aralin 2 – Katangian ng Isang Ekonomista	<b>33</b>
Aralin 3 – Mga Salik sa Pagbabalak ng Pagkain	<b>37</b>
Aralin 4 – Mga Pamamaraan sa Pagsasapamilyan ng Produkto	<b>45</b>
Aralin 5 – Wastong Pamamaraan ng Pag-iimbak ng Pagkain	<b>49</b>
Aralin 6 – Kaalaman sa Matalinong Pamimili ng Pagkaing Iimbakin	<b>57</b>
Aralin 7 – Talaan ng Gastos at Kinita	<b>64</b>
Aralin 8 – Paraan ng Pamimili ng Pagkaing Kailangan	<b>69</b>
<b>GRADE 6</b>	
Aralin 1 – Mga Kaalaman sa Matalinong Pamimili	<b>75</b>
Aralin 2 – Wastong Paraan ng Pagbibili ng mga Tanim	<b>80</b>
Aralin 3 – Pagtutuos/Pagkukuwenta ng Pinagbilhang Produkto	<b>83</b>
Aralin 4 – Mga Salik sa Pagtatatag ng Tindahang Kooperatiba	<b>86</b>
Aralin 5 – Pinagmumulan ng Puhunan	<b>92</b>
Aralin 6 – Paggawa ng Talatakdaan ng mga Gawaing Pantahanan	<b>97</b>
Aralin 7 – Tindahang Tingian at Tindahang Kooperatiba	<b>103</b>
Aralin 8 – Ang Pagbabangko ng Kita	<b>106</b>



**EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN**  
**MATRIX OF INTEGRATION**

MESSAGE/CONCEPT RE FINANCIAL LITERACY	GRADE/ LEVEL	Philippine Elementary Learning Competencies (PELC)
1. Maraming paraan upang makapagtipid.	VI	2.1.2 Naisasagawa ang pangangasiwa sa mga gawaing pantahanan sa maayos at matipid na pamamaraan
	IV	1.2.2 Naisasaayos nang wasto ang mga sira nang kasuotan sa pamamagitan ng pananahi sa kamay tulad ng: <ul style="list-style-type: none"> <li>• tastas na laylayan</li> <li>• tanggal na butones</li> <li>• tuwid na punit</li> </ul>
2. Maagang simulan ang pagtipid upang may magasta sa kinabukasan.	V	C.9 Naipapakita ang pagpapahalaga sa natapos na proyekto
3. Magtipid para sa kinabukasan.	V	Naipakikita ang wastong pamamaraan sa pag-iimbak ng pagkain tulad ng karne at isda
4. Kapag ang pagtipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata, inaasahang may pag-unlad sa hinaharap	V	Naisasagawa ang wastong paghahanda at pagluluto ng pagkain 2.1.3.4 Nakasusunod sa wasto at matipid na pamamaraan ng paghahanda/pagluluto ng pagkain nang may kasiyahan
5. Magagamit na puhunan ang anumang naimpok o natipid	V	C.8 Nakapagtutuos ng gastos/kikitain kung ipagbibili ang natapos na proyekto A.4 Naisasaayos nang wasto ang mga sira nang kasuotan sa pamamagitan ng pananahi sa kamay
6. Hindi lahat ng pinagkakagastahan ng isang mag-anak ay maituturing na gastusin.	IV	1.9 Nakapag-iingat ng talaan ng gastos at kinita
7. May mga gastos na maituturing na pag-iimpok. May mga gastos na maituturing na puhunan para sa kinabukasan		

MESSAGE/CONCEPT RE FINANCIAL LITERACY	GRADE/ LEVEL	COMPETENCY Philippine Elementary Learning Competencies (PELC)
8. Pahalagahan ang bawat perang kinita.	V	4.5 Nakapagtutuos ng gastos o kikitain kung ipagbibili ang natapos na proyekto
<b>B. Pagbabadyet</b>		
1. Ang pagkilala(awareness) sa kaibahan ng gusto at kailangan ay makatutulong sa wastong pagbadyet		
2. Ang mahusay na pagbabadyet ay nakatutulong sa maayos na pangangasiwa ng napagkukunan(resources).	VI	B.3.6 Naisagawa nang maingat ang pagtutuos/ pagkukuwenta ng pinagbilhang produkto galing sa alagang hayop na may apat na paa
3. Mahalaga ang disiplina sa pagsasakatuparan ng inihandang badyet (pansarili, pangmag-anak at pansamahan)	V	3.3 Nagagamit ang batayang kaalaman sa matalinong pamimili ng pagkaing iimbakin
4. Malaki ang naitutulong ng bawat kasapi ng mag-anak sa paghahanda at pagsasakatuparan ng badyet.	IV	2.1.3.4 Nakakatutulong sa pagluluto ng pagkain para sa matipid na pamamaraan
<b>C. Matalinong Mamimili</b>		
1. Ang bawat mamimili ay may karapatan(kaalaman sa tamang halaga, timbang, bilang, at iba pa)	VI	2.2.3 Nailalapat ang kaalaman sa matalinong pamimili
a. May katotohanan ang kasabihang "customer is always right"		
2. May mga ahensiya ang pamahalaan na nagbibigay proteksiyon sa mga mamimili		

MESSAGE/CONCEPT RE FINANCIAL LITERACY	GRADE/ LEVEL	COMPETENCY Philippine Elementary Learning Competencies (PELC)
D. Pag-eentreprenur		
1. Mahalaga ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhatan	VI	1.1 Natatalakay ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagtatag ng tindahang kooperatiba 1.2 Natatalakay ang mga tungkulin, karapatan at pananagutan ng bawat kasapi ng tindahang kooperatiba D.1 Natatalakay ang katangian ng isang ekonomista
2. Ang pagiging entreprenur ay nangangailangan ng pagkamalikhain	VI	B.2.6 Naipakikita ang wastong paraan ng pagbibili ng mga punla/tanim sa narseri
3. Mahalaga ang pag-iimpok sa pumumuhunan at pag-eentreprenur	V	3.5.1 Naiisa-isa ang pamamaraan sa pagsasapamilihan ng produkto.
4. Ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran (risk taking)	VI	1.3 Napaghahambing ang tingiang tindahan at tindahang kooperatiba
E. Responsableng Pangungutang		
1. Ang inutang ay dapat gamitin sa kapaki-pakinabang na layunin	VI	D.7 Naipaliwanag ang pinagmulan ng puhunan at kung paano nagkaroon ng pera.

\_\_\_\_\_

## Aralin 1: Kahalagahan ng Pag-eentreprenur

Batayang Mensahe: Mahalaga ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhayan

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamasinop, Pagkamaparaan

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 2 araw

### Layunin:

- Naipaliliwanag ang ibat-ibang pinagkukunang-yaman at ang kabayaran nito.
  - 1.1 lupain - upa
  - 1.2 paggawa - suweldo
  - 1.3 kapital - interes
  - 1.4 pag-eentreprenur - tubo
- Naipapamalas ang kahalagahan ng pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhayan
- Naipapamalas ang masusing pag-iisip at wastong kaugalian sa pagtatalakayan/ pangkatang gawain.

**Paksang Aralin:** Ang Perang Kabayaran sa Napagkukunang-yaman.

Sanggunian: Ang Ekonomiks Ngayon (Mula sa BSP), pp. 15-18; BEC: D.1

Kagamitan: Mga Larawan ng Pinagkukunang-yaman (Kalakal), tsart

### Pamamaraan

#### Panimulang Gawain

##### Pagganyak

Magpakita ng larawan ng maayos at magandang bahay.

Itanong: Kapag gusto ng isang tao na gumamit o magkaroon nito, ano ang kanyang mga kakailanganin? (lote, manggagawa, kapital) Ano ang ibat-ibang tawag sa perang ipinambabayad sa ibat-ibang pinagkukunan?

## Paghahawan ng Balakid/Paglalahad

Mga Pinagkukunang-yaman:

- lupain - lahat ng likas na napagkukunan sa kalikasan. Ang isang ektaryang lupa, deposito ng mineral, at tubig sa batis ay maituturing na lupain
- paggawa - ang pisikal at mental na kakayahan ng tao na nakatutulong sa produksiyon ng kalakal at serbisyo
- kapital - mga gawa nang produkto na magagamit na napagkukunan para sa iba pang produksyon. Ang mga pabrika, makina at traktora ay kapital
- pag-eentreprenur - ang kakaibang katalinuhan na taglay ng ilang tao sa paghahanap at pagkuha ng pakinabang sa mga bagong pagkakataon sa negosyo, at sa paglinang ng mga bagong produkto, o ng bagong paraan sa paggawa ng mga bagay

## Panlinang na Gawain

1. Pagpapakita ng mga larawan ng tatlong (3) uri ng pinagkukunang-yaman o kalakal: lupain, mga taong gumagawa ng bahay at ibat-ibang materyales at kasangkapan sa paggawa ng bahay.  
Pangkat in ang klase sa 3 ayon sa 3 uri ng kalakal. Papag-ulatin ang bawat pangkat tungkol sa kaisipang nasa mga larawan.

Itanong: Kung ikaw ang nagtataglay o nagmamay-ari ng kalakal, paano ka mababayaran ng pera para mapakinabangan nila ito?

Hal. lupain - paupahan  
paggawa - suweldo  
kapital - interes

Itanong: Paano mo pa ito mapagkakakitaan nang lubos?

2. Ilahad ang kalagayan: Gusto mong magpatayo ng bahay

Itanong: Anu-ano ang mga kakailanganin mo?

- bibili ng lote (lupain)
- bibili ng mga kagamitan (kapital)
- kukuha ng mga trabahador (paggawa)

3. Maglahad ng tsart na may halimbawang mga tiyak na kabayaran.

Kalakal	Kabayaran
1. Lote	P1,250,000
2. Kagamitan	500,000
3. Paggawa	1,200,000
Kabuuang Halaga ng Bahay	P 2,950,000

4. Ipagpalagay natin na ibinenta mo ang bahay sa isang tao sa halagang P3,500,000. Magkano ang diperensiya sa halaga ng bahay at halaga ng pagbenta sa bahay?

$$(P3,500,000 - P2,950,000 = P550,000)$$

Ano ang tawag sa P550,000? (tubo)

Anong tawag sa gawaing may kabayaranang tubo? (pag-eentreprenur)

### Pangwakas na Gawain

#### Paglalahat

Pansinin: Ang presyong ibinabayad ng isang mamimili sa kalakal na binibili ay mas malaki sa perang ginamit ng nagbenta. Kasama na kasi rito ang mga bayad sa ibat-ibang napagkukunan o sangkap ng produksiyon at ang tubo.

Kung nagkakaroon kayo ng patubo sa pag-eentreprenur, nagkakaroon ba kayo ng dagdag na kita? Ano ang maaaring kahinatnan ng iyong mag-anak kung magpapatuloy ang ganitong gawain? Bilang kasapi ng mag-anak, ano ang iyong gagawin upang makatulong sa pag-eentreprenur?

#### Paglalapat

Hindi lahat ng pag-eentreprenur ay nangangailangan ng malaking puhunan. Halimbawa: Ang paggawa at pagbenta ng *ice candy* ay isa ring pag-eentreprenur. Gumagamit kayo ng lupain (o bahay), mga kagamitan (*plastic, styrofoam, asukal, juices*) at ginagawa ninyo ang *ice candy*. Pagkatapos ito ay ibinebenta. Ang kinita sa pagbebenta ng *ice candy* ay tinatawag ding tubo. Ano pa ang ibang halimbawa ng pag-eentreprenur?

## Pagtataya

- A. Isulat kung ang sumusunod na napagkukunang-yaman ay lupain, paggawa, kapital o pag-eentreprenur.
1. Ang trabaho ni Annie bilang sekretarya.
  2. Deposito ng bakal
  3. Isang traysikel
  4. Isang computer na ginagamit sa pagsulat ng aklat
  5. Isang komediyante na nagpapatawa sa TV.
  6. Isang mang-aawit na kumakanta sa concert.
  7. Ang guro mo na nagtuturo sa Math.
  8. Isang tao na nag-iimbento ng bagong produkto.
  9. Krudo
  10. Kagamitan sa paghuli ng isda
- B. Gumawa ng talata kung paano mo pahahalagahan ang pag-eentreprenur ng iyong mag-anak.
1. Kailan ang tamang oras para makatulong sa pag-eentreprenur?
  2. Paano mo maisasagawa ang pagtulong?
  3. Sinu-sino ang dapat gumawa nito?
  4. Bakit ito dapat gawin?

Pagpapahalaga

### ISKOR KARD SA PAGTATALAKAYAN

Pamantayan	Sagot		
	Oo	Bahagya	Hindi
1. Nakinig ba ako pag may nagsasalita?			
2. Nasunod ko ba nang wasto ang panutong ibinigay ng guro?			
3. Nagpamalas ba ako ng masusing pag-iisip sa aking pagsagot?			
4. Nagpamalas ba ako ng kasiyahan sa pangkatang gawain?			

## Takdang Aralin

Magmasid sa pamayanan. Kilalanin ang ibat-ibang pinagkukunang-yaman. Magbigay ng dalawang halimbawa sa bawat uri ng pinagkukunang-yaman. Maghanda sa pag-ulat.



## Aralin 2: Nakatutulong ang Bawat Kasapi ng Mag-anak sa Pagtitipid

Batayang Mensahe: Malaki ang naitutulong ng bawat kasapi ng mag-anak sa paghahanda at pagsasakatuparan ng badyet.

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamatulungin, pakikiisa

Bilang ng Araw sa Pagtatalakay: 2 araw

### Layunin:

1. Nakatutulong sa pagluluto ng pagkain sa matipid na pamamaraan
2. Natutukoy ang mga pagkaing iluluto sa matipid na pamamaraan
3. Nasasabi ang naitutulong ng bawat kasapi ng mag-anak sa paghahanda at pagsasakatuparan ng badyet.

### Paksang Aralin: Paghahanda ng Pagkain

Sanggunian: Gumawa at Umunlad p. 75 - 79, BEC/PELC A 2.1.3.4

Kagamitan: tsart, mga larawan, mga kagamitang pangkusina

### Pamamaraan

Panimulang Gawain

Balik-aral

Balik-aralan ang mga panuntunang pangkalusugan at kaligtasan sa pagluluto at pagdudulot ng pagkain.

Pagganyak

1. Ipaawit sa mga bata ang awitin sa puntong "Magtanim Ay Di Biro."

Kumain ka ng gulay  
Hahaba ang iyong buhay  
Kumain ka ng itlog  
Katawan ay lulusog.

Kumain ng prutas  
Katawan mo'y lalakas  
Ang isda at kanin  
Masustansyang pagkain

2. Itanong:

- a. Anu-anong pagkain ang nakapaloob sa awit?
- b. Anu-anong kabutihan ang naidudulot ng mga pagkain sa ating katawan?

3. Ibigay ang kahulugan ng salitang may salungguhit.

- 1. Tinuruan siya ng ina nang wastong pagtatalop ng patatas.
- 2. Kumakain siya nang sapat at nag-eehersisyo upang lumakas ang resistensya.

**Panlinang na Gawain**

Paglalahad

- 1. Magbigay ng mga pagkaing binanggit sa awit. Kumakain ka ba ng mga ito?
- 2. Ipahanap ang mga pagkaing mayaman sa protina, *carbohydrates*, at bitamina at *minerals*. Pabilugan ang mga salita na maaaring makita nang pahalang at pababa. Ipatukoy sa mga bata kung anong uri ito.

B	M	K	N	O	K	P	W	S
M	A	B	A	K	P	U	B	I
S	N	P	L	N	B	T	A	T
A	G	G	A	C	I	O	S	A
G	G	P	E	P	O	N	O	W
I	A	N	A	G	A	E	P	T
N	B	S	B	Y	E	Y	I	W
G	K	I	S	D	A	H	A	B
R	S	U	M	A	N	L	D	C
S	M	B	C	N	S	U	B	E

3. Itanong sa mga bata kung bakit dapat isama ang mga ito sa pagluluto ng pagkain.
4. Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipakita kung paano sila makatutulong sa paghahanda ng pagkain sa bahay. (*Pantomime*)
  - a. naghihimay ng kangkong
  - b. nagbibiyak at nagkukudkod ng niyog
  - c. nagpipitpit ng bawang
  - d. nagtatalop ng patatas
  - e. naghuhugas ng mga sangkap
5. Magsadula ng dalawang uri ng mag-anak. Ang isa ay mag-anak na nagtutulungan sa pagluluto ng pagkain. Ang isang mag-anak naman ay ang ina lang ang naghahanda ng pagkain.
6. Itanong sa mga bata kung aling mag-anak ang dapat tularan.
7. Ipaliwanag ang kahalagahan kung ang bawat kasapi ng mag-anak ay magtutulong-tulong sa paghahanda ng pagkain.
8. Gumawa ng *graphic organizer* tungkol sa mga kabutihang naidudulot ng pagtutulungan ng bawat kasapi upang maisakatuparan ang badyet.

Mga Kabutihang Naidudulot ng Pagtutulungan  
sa Paghahanda ng Pagkain

- |   |
|---|
| • Madaling natatapos ang gawain             |
| • Lahat ay natutulong magluto               |
| • Naaayos ang badyet                        |
| • Nakapag-iipon ang mag-anak                |
| • Gumagaan ang trabaho                      |
| • Napatitibay ang pagkakabuklod ng mag-anak |

### Pangwakas na Gawain

Paglalahat

Ano ang maitutulong mo upang maisakatuparan ang badyet ng iyong pamilya?

Ipasagot ang mga tanong upang mabuo ang paglalahat.

1. Anu-anong masustansyang pagkain ang dapat isama sa pagluluto?
2. Paano kayo nakatutulong sa paghahanda ng pagkain?
3. Paano nakatutulong ang bawat kasapi ng mag-anak upang maisakatuparan ang badyet ng pamilya?

### Pagtataya

1. Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na nagpapakita kung gaano kadalas ginagawa ng mga bata ang mga nakatalang gawain:

Mga Gawain	Palagiang Isinasagawa	Isinasagawa Paminsan-minsan	Hindi Isinasagawa
1. Tumutulong sa pagtatalop ng patatas			
2. Naghihimay ng kangkong o talbos ng kamote			
3. Nagkakayod ng niyog			
4. Tumutulong sa paghihiwa ng sibuyas, kamatis, karot			
5. Hinihiwa nang pinung-pino ang pipino			

2. Paano makapagtitipid ang mag-anak sa kanilang badyet sa pagkain?

### Takdang Aralin

Gumawa ng huwarang pagkain sa almusal, tanghalian, at hapunan para sa inyong mag-anak.

Almusal	Tanghalian	Hapunan

### **Aralin 3: Pag-eentreprenur at Pakikipagsapalaran**

Batayang Mensahe: Ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran

Batayang Pagpapahalaga: Pagtitiyaga

Bilang ng Araw sa Pagtatalakay: 2 araw

#### **Layunin:**

1. Naiisa-isa ang mga kinalabasan ng pakikipagsapalaran kaugnay ng pagtitinda
2. Naipaliliwanag kung bakit ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran
3. Naipamamalas ang wastong saloobin na kailangan para sa sariling pag-unlad

#### **Paksang Aralin:** Ang Pag-eentreprenur ay Isang Pakikipagsapalaran

Sanggunian: Mga Pakikipagsapalarang Kaugnay sa Pagtitinda, Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan IV, pp. 221-224; Tips for the Entrepreneur: Risk Management, (Mula sa BSP); BEC D 3.3.2

Kagamitan: mga tsart

#### **Pamamaraan**

##### **Panimulang Gawain**

1. Balik-aral

Ano ang kahulugan ng pakikipagsapalarang kaugnay ng pagtitinda? Anu-ano ang dahilan kung bakit nabibigo o nalulugi ang pagtitinda ng iba?

2. Pagganyak

Dapat bang sumuko sa pagtitinda ang isang nalulugi? Bakit? Maiiwasan ba natin ang pagkalugi sa pagtitinda? Paano?

## Panlinang na Gawain

Ipabasa ang tekstong ito at ipasagot ang mga tanong pagkatapos:

### Mga Pakikipagsapalarang Kaugnay sa Pagtitinda

Ang pagtitinda ay maituturing na isang sining na nangangailangan ng sapat na talino, kasanayan, tiyaga, pang-unawa, at pagtitimpi sa mga mamimili, at higit sa lahat, ay sapat na kaalaman ng mga bilingin o produktong nais ipagbili. Isa itong pakikipagsapalaran na nangangailangan ng lakas ng loob dahil sa mga pagsubok at suliraning maaaring harapin.

Ang gawaing pagtitinda ay nangangailangan din ng isang kaaya-ayang pag-uugali at kawilihan. Ang anumang takot at pangamba ay dapat ipasantabi at sa halip ay ipanatag ang loob at maging maganda ang pananaw sa gawain.

Marami ang sumusubok, may mga nagtatagumpay at mayroon ding nabibigo. Kadalasan, may mga nagsisimula pa lamang na nauwi sa maagang pagsuko dahil sa hindi inaasahang pagkalugi o pagbagsak ng negosyo. Ang ganitong pangyayari ay maaaring maganap kung ang nagpapatakbo ng tindahan ay 1) kulang ang kaalaman tungkol sa wastong pagpapatakbo ng tindahan; 2) mahina ang loob; 3) sariling kapakanan lamang ang iniisip; 4) mainipin at ang nais ay mabilisang pag-unlad ng tindahan; at higit sa lahat 5) walang pagpaplanong ginawa.

Ang mga pagsubok sa alinmang gawain, lalo na ang pagtitinda, ay hindi maiiwasan. Sa mga ganitong pagkakataon masusubok at makikita kung gaano katatag ang pagpapatakbo ng tindahan. Sa mga karanasang pinagdaanan ay dapat matuto sa halip na mawalan ng pag-asa at sumuko. Tingnan at pag-aralang mabuti kung bakit naganap ang mga pangyayaring naging sanhi ng pagbagsak ng negosyo. Mula rito ay umisip at magplano ng mga paraang dapat gawin at iwasan upang sa susunod ay kaya na itong harapin at mapatatakbo na ang tindahan sa higit na maayos na paraan.

Isa sa pakikipagsapalarang maaaring harapin sa pagtitinda ay kung paano aakitin ang mga mamimili. Napakahirap ang mang-akit ng mamimili, dahil kadalasan ay may kani-kaniyang suki silang itinuturing. Ang pagtawag ng pansin ng mga mamimili ay maaaring gawin sa sumusunod na mga paraan:

1. Nakatatawag-pansin ang mahusay na pagkakaayos ng mga paninda;
2. Nakahihikayat na pagtitinda o *sales talk*;
3. Pagkakaroon ng mabubuting katangian ng isang tindera.

Sakaling makuha na ang pansin ng mamimili ay hindi pa rin tiyak kung ito ay bibili. May mga pagkakataong ang mamimili ay makulit o pilit na sumasalungat sa nga sinasabi ng tindero o sadyang humahanap ng butas at kapintasan upang makapili ng higit pang katangian kaysa sa inaalok ng tindera. Kaya't ang kailangan ay mahusay na pangungumbinsi upang ang pag-aalinlangan ay maalis at tuluyang bumili. Tiyaking mahusay at maganda ang pakikitungo sa mamimili nang sa gayon ay mawiling bumili sa iyong tindahan hanggang sa maging suki na ito.

Ang perang puhunan at panustos na gagamitin sa pagtitinda ay pakikipagsapalaran din. Maari itong mapalago o maaari ring maubos at mauwi sa wala. Ang paglago ng perang ipinuhunan ay dapat bigyang katiyakan. Hindi lamang ang pera ang masasayang kung babagsak ang negosyo kundi pati na rin ang hirap, pagod at panahong ginugol. Sa karaniwang pagtitinda, ang namuhunan ay umaasa ng kasiya-siyang pakinabang sa perang ginamit na puhunan.

Upang makatiyak, makabubuting gumawa ng pagtatala o *recordings* gaya ng mga sumusunod:

1. Dami o bilang ng mga bagay na binili at ang halaga ng pagkakabili;
2. Halaga ng mga bagay kung ipagbibili at ang inaasahang kita;
3. Mga bagay na nabili sa araw-araw, ang dami, at ang halaga ng isahan at ang kabuuang halaga.

At mula sa talaang ginawa ay masusundan na ang mga galaw ng mga paninda. Madaling mabatid at makukuwenta ang halaga ng pinuhunan at ang pumasok na kita. Makatutulong din ito upang makapagpasya kung kailangan nang mamili muli ng mga paninda, kung alin ang ubos na, at alin ang mayroon pa.

Ang oras at panahong iginugugol sa pagtitinda ay isa ring pakikipagsapalaran. Hindi sapat ang magkaroon ng malaking puhunan kung kulang sa panahon at oras ng pag-aasikaso. Ang ganitong uri ng gawain ay sadyang nangangailangan ng sapat na panahon at oras. Ang bawat galaw at takbo ng mga paninda ay dapat masubaybayan. Mag-ukol ng wastong panahon at oras sa pagbubukas at pagsasara ng tindahan, pamimili at pag-iimbentaryo ng mga paninda, at pag-alam at pagsasa-ayos ng mga suliraning hinaharap o haharapin. Maaaring dumating ang panahong may makatunggali o kakumpitensya sa negosyo. Ang pagkakaroon ng isang matagumpay at maunlad na tindahan ay maaaring makaakit sa iba na magtayo rin ng sariling tindahan.

Kadalasan, ang mga katunggali o kakumpitensya sa pagtitinda ay umiisip at gumagawa ng mga paraan kung paano ka sisirain at pababagsakin. Ang mga ganitong sitwasyon ay dapat pagtuunan ng pansin at hindi ipagwalang bahala. Tibayan ang loob sa halip na sumuko. Makabubuting kaibiganin ang katunggali at himuking makiisa sa paggawa ng mga hakbang at paraan na makatutulong sa mga mamamayang pinaglilingkuran. Makisama at magkaroon ng layuning mapagbuti ang pagtitinda at maibigay ang mga pangangailangan ng mga mamamayan sa makatarungang paraan tulad ng wastong pagprepresyo ng mga paninda.

1. Anu-ano ang mga pakikipagsapalarang maaaring harapin sa pagtitinda? Ipaliwanag ang bawat isa.
2. Ano ang maaaring kalabasan ng bawat pakikipagsapalaran?
3. Paano haharapin ang bawat isa? Ipaliwanag.

#### Paglalahat

Gabayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat.

- May mga pakikipagsapalarang kaugnay ng pagtitinda na dapat harapin sa wastong paraan.

#### Pagtataya

A. Isulat sa papel ang titik ng wastong sagot.

1. Ang tindahan kapag pinabayaan ay magsasara dahil \_\_\_\_\_.

- |                    |             |
|--------------------|-------------|
| a. walang lisensya | c. humihina |
| b. nagtipid        | d. nalulugi |

2. Hindi tiyak ang pag-unlad ng tindahan kaya kailangang sumubok at \_\_\_\_\_.

- |                |                     |
|----------------|---------------------|
| a. makipagsuki | c. makipagsapalaran |
| b. magbantay   | d. magtiyaga        |



3. Ang sumusunod ay paraan kung paano aakitin ang mga mamimili maliban sa isa. Alin ito?
  - a. Mahusay na pagkakaayos ng mga paninda
  - b. Pakikipagkumpitensya sa ibang tindahan
  - c. Nakahihikayat na pagtitinda ng tindera
  - d. Mabubuting katangian ng tindera
  
4. Ang puhunan ay maaaring maubos at mauwi sa wala. Alin sa sumusunod ang maaaring dahilan?
  - a. Dahil ginamit sa pagpapasuweldo sa tindera
  - b. Dahil ginamit sa paglalagay ng karatula ng tindahan
  - c. Dahil ginamit sa gastusin sa bahay
  - d. Dahil ginamit sa pamamakyaw ng paninda
  
5. Alin sa sumusunod ang maaaring kalalabasan ng pakikipagsapalaran?
  - a. matututo sa pamamaraan ng pag-akit sa mamimili
  - b. matututo sa pagtatala ng pamumuhunan at mababatid ang galaw ng pagtitinda
  - c. matututo kung paano gugugulin ang oras at panahon
  - d. lahat ito

B. Sagutin.

Bakit ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran?

Pagpapahalaga

C. Paano tayo makikipagsapalaran upang tayo ay umunlad?

### Takdang Aralin

Magmasid sa mga tingiang tindahan na malapit sa inyo. Pumili ng isa at kapanayamin ang namamahala. Itanong ang sumusunod.

1. Paano nagsimula at magkano ang inyong puhunan o kapital?
2. Bakit napili ang mga produktong itinitinda?
3. Anu-ano ang inyong naging problema at paano ninyo nilutas?
4. Paano ito nakatutulong sa inyong pamumuhay?

## Aralin 4: Mga Paraan Upang Makapagtipid

Batayang Mensahe: Maraming paraan upang makapagtipid sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga sira ng kasuotan

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamasinop

Bilang ng Araw sa Pagtatalakay: 2 araw

### Layunin:

1. Naisasaayos nang wasto ang mga sira ng kasuotan sa pamamagitan ng pananahi sa kamay tulad ng:
  - tastas na laylayan
  - tanggal na butones
  - tuwid na punit
2. Naipakikita ang pagtitipid sa pamamagitan ng pangngalaga sa mga kagamitan sa pananahi

**Paksang Aralin:** Pagsasaayos ng mga Sirang Kasuotan

Sanggunian: Gumawa at Umunlad, p. 28-34  
PELC A 1.2.2

Kagamitan: gunting, karayom, sinulid, aspile, didal, medida, *emery bag*

### Pamamaraan

#### Panimulang Gawain


1. Balik-aral
  - a. Anu-anong kasuotan ang dapat mong gamitin sa ibat-ibang panahon?
  - b. Papaano mo mapapangalagaan ang iyong mga kasuotan at kagamitan?

2. Pagganyak

Magpakita ng mga larawan ng dalawang bata.



A



B


3. Paghambingin ang dalawang larawan. Alin sa kanila ang mas kaakit-akit tingnan? Bakit?
4. Kilalanin ang mga kasangkapan na gagamitin sa pagsasaayos ng mga sirang kasuotan.

- gunting
- karayom
- aspile
- sinulid
- didal
- medida
- tusukan ng karayom
- kahong panahian

**Panlinang na Gawain**

1. Pag-usapan kung ano ang dapat gawin sa mga sirang kasuotan.
2. Talakayin kung paanong ang mga ito'y magagamit na muli.
3. Pag-aralan ang diagram

Kung isasagawa ang mga gawaing ito, anong kabutihan ang maidudulot nito sa inyo?



5. Gumawa ng *graphic organizer* sa mga paraan ng pangangalaga sa mga kagamitan sa pananahi.

**PARAAN NG PAG-AALAGA SA MGA KAGAMITAN SA PANANAHI**

- Langisan ang mga gunting at karayom
- Isuksok sa tusukan ang aspile at karayom
- Ingatan ang sinulid na hindi magkabuhol-buhol
- Ilagay nang maayos ang kagamitan sa kahong panahian

- Kung gagawin ang mga paraang ito, makatutulong ba ito sa pagtitipid? Paano?

### **Pangwakas na Gawain**

a. Paglalahat

Patnubayan ang mga bata na makabuo ng konsepto na ang pagsasaayos ng mga sirang kasuotan ay isang paraan na nakatutulong sa pagtitipid?

b. Paglalapat

Natanggal ang kutsetes ng blusa mo, ano ang gagawin mo?

c. Pagpapahalaga

Gabayan ang mga bata na maipaliwanag kung paano nakatutulong ang pagtitipid sa pag-unlad ng kabuhayan sa mag-anak?

1. Bakit mahalaga ang pagsasaayos ng mga sirang kasuotan?
2. Paano makatutulong ang pagtitipid sa pag-unlad ng kabuhayan ng mag-anak?

### **Pagtataya**

Panuto: Isulat sa papel ang titik ng tamang sagot.

1. Upang mapakinabangan pa ang mga kasuotang may sira dapat itong \_\_\_\_\_.
  - a. tahiin
  - b. isaayos
  - c. ipamigay
  - d. itago
2. Ang mga tastas na laylayan ng paleta o polo ay kailangang \_\_\_\_\_.
  - a. tibayan
  - b. sulsihan
  - c. tagpian
  - d. lilipan

3. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagiging matipid?
  - a. sinusulsihan ang mga damit na may punit
  - b. bumibili ng panibagong damit
  - c. ginagawang basahan ang may punit na damit
  - d. itinatapon ang mga punit na damit
  
4. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng pag-iingat ng mga materyales para hindi masayang maliban sa isa, ano ito?
  - a. Sinusukat ang tela bago gupitin
  - b. Ginagamit ang pira-pirasong tela sa pagtatagpi
  - c. Iniingatan ang mga kagamitan sa pananahi
  - d. Bumibili ng panibagong gunting at karayom sa tuwing ito'y gagamitin
  
5. Paano mo mapapangalagaan ang mga kagamitang pantahi upang mapakinabangan nang matagal?
  - a. Lalagyan ng langis ang gunting upang hindi kalawangin.
  - b. liwanan ang karayom at sinulid sa pinagtahian.
  - c. Hahayaang nakakalat ang mga gamit sa pananahi
  - d. Itutusok ang aspile sa damit na tinatahi

### **Takdang Aralin**

Ipagpatuloy ang pagkukumpuni ng mga sirang kasuotan sa bahay. Maghanap ng mga kasuotang maaring kumpunihin. Dalhin ang isang nakumpuning kasuotan upang maiwasto.

## Aralin 5: Talaan ng Gastos at Kita

**Batayang Mensahe:** Hindi lahat ng ginagasta ng isang mag-anak ay maituturing na gastos. May mga gastos na maituturing na pag-iimpok o puhunan para sa kinabukasan.

**Batayang Pagpapahalaga:** Pagkamatipid

**Bilang ng Araw ng Pagtatalakay:** 2 araw

### Layunin:

1. Nakapag-iingat ng talaan ng gastos at kinita
2. Natutukoy ang mga bagay na maituturing na gastos
3. Nakikilala ang mga gastos na maituturing na pag-iimpok o puhunan sa kinabukasan

**Paksang Aralin:** Paggawa ng Talaan ng Gastos at Kinita

**Sanggunian:** *Clippings/lecture* ng BSP; PELC: B. 1.9

**Kagamitan:** tsart

### Pamamaraan

#### Panimulang Gawain

**Pagganyak:** Tingnan at pag-aralan ang tsart:

#### Talaan ng Gastusin at Kita

Buwanang Kita P10,000.00	Halaga
Buwanang Gastusin	
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkain</li> <li>• Damit</li> <li>• Edukasyon</li> <li>• Tubig, kuryente</li> <li>• Bahay</li> <li>• Paglilibang</li> <li>• Iba pa</li> </ul>	P3,500.00 400.00 2,000.00 1,000.00 500.00 1,000.00 1,000.00
Buwanang Gastos	P9,900.00
Buwanang Impok ng Mag-anak	P100.00

Itanong:

1. Magkano ang kita ng mag-anak?
2. Anong gastusin ang pinakamalaki? Ano ang pinakamaliit?
3. Magkano ang kabuuang gastos ng mag-anak?
4. Meron ba silang natipid? Magkano? Dapat bang may impok palagi ang mag-anak? Bakit?

**Panlinang na Gawain**

Pag-aralang muli ang ipinakitang talaan ng gastusin at kinita.

- a. Alin ang mas malaki, ang gastos o ang kinita?
  - b. Ipaliwanag ang kahalagahan nito.
1. Pangkatin ang mga mag-aral at hayaang pag-usapan at paghambingin ang mga gastusin ng kani-kanilang pamilya.
  2. Mula sa kani-kanilang gastusin, papunan sa mga bata ang halimbawa ng talaan ng gastusin.

**Talaan ng Gastusin**

Buwanang Kita Php	Halaga
Buwanang Gastusin	
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkain</li> <li>• Damit</li> <li>• Edukasyon</li> <li>• Tubig, kuryente, atbp.</li> <li>• Bahay</li> <li>• Pamasaha</li> <li>• Leisure</li> </ul>	<p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>
Kabuuang Gastos	Php
Buwanang Impok ng Mag-anak	Php

5. Batay sa ginawang talaan anu-anong bagay ang maituturing na gastos? Aling gastos ang maituturing na pag-iimpok?
6. Itanong sa mga bata kung paano sila makatutulong upang maragdagan ang kita ng kanilang mag-anak.



## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Gabayan ang mga bata na makabuo ng konsepto tungkol sa kahalagahan ng talaan ng gastusin.

### Paglalapat

Napansin mo na malaki ang binabayaran ng iyong pamilya sa kuryente. Ano ang dapat mong gawin upang makatulong sa pagtitipid nito.?

### Pagpapahalaga

Paano nakatutulong ang pagkamasinop sa pagpapalago ng perang inimpok?

## Pagtataya

Panuto: Pag-aralang mabuti ang tsart. Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

### Talaan ng Gastusin at Kinita

Buwanang Kita ng Mag-anak	P12,000.00	Halaga
Buwanang Gastusin		
• Pagkain		4,000.00
• Edukasyong		2,500.00
• Damit		400.00
• Bayad ng tubig, kuryente, atbp.		1,600.00
• Bahay		600.00
• Leisure		1,000.00
• Pamasaha		500.00
Kabuuang Gastos		Php10,600.00
Buwanang Impok ng Mag-anak		Php1,400.00

1. Alin ang pinakamalaking pinagkakagastusan ng mag-anak?
2. Magkano ang inilaan ng mag-anak para sa edukasyon?
3. Aling gastos ang maituturing na pag-iimpok?
4. Magkano ang nagastos ng buong mag-anak sa isang buwan?
5. Magkano ang maiimpok ng mag-anak sa loob ng limang buwan?

## Takdang Aralin

Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng talaan ng gastos at kinita.

---

### Aralin 6: Tingiang Tindahan at Pamumuhay ng Mag-anak

Batayang Mensahe: Ang pagiging *entreprenur* ay nangangailangan ng pagkamalikhain

Batayang Pagpapahalaga: Kawilihan sa Paggawa

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 1 araw

#### Layunin:

- Natutukoy ang mga naitutulong ng tingiang tindahan sa pamumuhay ng mag-anak.
- Naipapakita ang mga kanais-nais na pag-uugali sa pagtitinda.

#### Paksang Aralin: Tingiang Tindahan at Pamumuhay ng Mag-anak

Sanggunian: Tingiang Tindahan, Sa Daigdig ng Gawain IV, pp. 204-211; Mga Gawain sa Pamimili at Pagtitinda sa Tingiang Tindahan, Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan IV, pp. 218-219, BEC D.2.2.2

Kagamitan: Tsart, Awitin, Mga larawan ng uri ng tindahan o Diorama ng isang tindahan

#### Pamamaraan

Balik-aral

Ano ang pag-eentreprenur? Magbigay ng halimbawa. Ano ang tawag sa perang ibinabayad sa pag-eentreprenur? Ano pang pangangalakal ang mayroon patubo? (Tingiang pagtitinda)

Pagganyak

Ipaawit ito: (Sa tono ng "Leron-leron Sinta")

### LERON LERON TINDA

Sa aming harapan  
May munting tindahan  
Sari-saring tinda  
Ng mahal kong Nanay  
Tindang nakaayos  
Nang buong hinusay  
Bago't bagong suki  
Halos araw-araw

Anu-ano ang nasa munting tindahan? Anu-ano kaya ang sari-saring tinda? Bakit kaya ito ang mga itinitinda ng Nanay? Paano niya ito itinitinda? Marami ba ang bumibili? Patunayan. Ano ang tawag sa tindahang ito? Bakit kaya marami ang natututo sa pagtitinda ng tingian? Magpakita ng mga larawan ng tindahan.

Paglalahad

Tanungin ang mga bata kung sino ang may tindahan sa kanila. Tumawag ng ilang bata at ipa-ulat kung anu-ano ang kanilang paninda kung bakit ito ang kanilang paninda, at kung kumikita ba ang tindahan nila.

### Panlinang na Gawain: Pangkatang Paggawa (*Groupwork*)

- A. Ipabasa ang sumusunod:
  - a. Bakit daw kailangang gumawa ng tindahan ang mag-anak?
  - b. Anu-ano ang mga kabutihang naitutulong ng pagtatayo ng tingiang tindahan?
  - c. Anu-ano ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagtatayo ng tindahan?
  - d. Anu-ano ang katangian ng isang tindahan? ng isang nagtitinda?
  - e. Bakit mahalagang makibahagi ang bawat kasapi ng mag-anak sa pamamalakad ng tindahan?
- B. Ang asukal, gatas at pulbos na *juicer*, at mga prutas ay mga produktong paninda sa tindahan natin. Makagagawa ba tayo ng panibagong produkto galing sa mga ito? Anu-ano? Paano?

## Pagtataya

- A. Pangkatin nang apat ang mga bata. Pabunutin ang bawat pangkat ng isang gawain-kard. Ipagawa ang sinasaad sa kard:

- Kard A - Itala ang kabutihang naitutulong ng tingiang tindahan para sa mag-anak  
Kard B - Itala ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagtatayo ng tingiang tindahan  
Kard C - Itala ang mabuting katangian ng isang tindahan  
Kard D - Itala ang mabuting katangian ng isang nagtitinda.

### Pagbibigay Halaga

Palagyan ng 3-kung palaging ginagawa, 2-kung isinasagawa paminsan-minsan, 1-kung hindi isinasagawa.

Gawain	Ama	Ina	Mag-anak
1. Pamimili ng mga ititinda			
2. Pag-aayos/Paghahanda ng paninda			
3. Pagbabantay ng paninda			
4. Pagtatala ng kita at puhunan			

## Takdang Aralin

- A. Magmasid sa mga tindahan sa paligid. Pakiramdaman kung nasusunod ang mga katangian ng isang tindahan at ng mga nagtitinda. Pansinin din kung marami ang bumibili. Maghanda sa pag-uulat.
- B. Magdala ng kasangkapan at kagamitan sa paggawa ng *ice candy*.

## Aralin 1 - Pagtutuos ng Gastos at Kikitain sa Natapos na Proyekto

Batayang Mensahe: Pahalagahan ang bawat perang kinita

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamasinop

Bilang na Araw ng Pagtatalakay: 1 araw

### Layunin:

1. Nakapagtutuos ng gastos o kikitain kung ipagbibili ang natapos na proyekto
2. Napapahalagahan ang bawat perang kinita

**Paksang Aralin:** Pagtutuos ng Gastos at Kikitain sa Natapos na Proyekto

Sanggunian: PELC p. 16, *Compilation of Readings on Finance First (Making Cents)*

Kagamitan: Mga gamit sa paglalaro (ilang pansariling kagamitan ng mga bata)

### Pamamaraan

#### Panimulang Gawain

Pagganyak

1. Ipalaro ang - "Show Me Game". Ipaliwanag ang mekaniks ng laro.

Mekaniks ng Laro:

- a. Pangkatin ang mga bata sa dalawang pangkat.
- b. Bigyan ng halaga ang mga bagay na maaaring gamitin sa laro.

Halimbawa:

Panyo	- P15.00
Lapis	- P5.00
Red Ballpen	- P8.00
1 Pad Paper	- P1.00
Atbp.	

Isulat ito sa pisara.

- c. Ipataas ang mga bagay na mayroon ang bawat kasapi ng pangkat. Dalhin ang mga bagay sa harap at ipakita ito sa banker, (ang guro) sa pamamagitan ng lider ng pangkat.
- d. Bilangin ang mga bagay na nakuha ng pangkat at ang katumbas na halaga ng kabuuang mga bagay na nakuha.
- e. Maaaring limang bagay o higit pa ang gamitin sa laro.
- f. Ang pangkat na makakakuha ng pinakamataas na halaga ang siyang mananalò.

### **Panlinang na Gawain**

Paglalahad at Talakayan

1. Itanong sa mga bata:
  - a. Tama ba ang tuos ng perang kinita ng inyong pangkat?
  - b. Kung ikaw ay kinita ng pera mula sa iyong sariling pagsisikap, ano ang iyong gagawin at saan mo ito dadalhin? Bakit?
2. Iparinig ang isang kwento sa mga bata.

### **Si Senyang Mausisa at Si Dong Bulilit**

Isang araw, sa tahanan ni Gng. Masaya, nag-uusap ang mag-iinang Senyang, Dong at Gng. Masaya. "Nay, pupunta po ba tayo sa bangko?" tanong ni Senyang.

"Nay, sama po ako," sabi ni Dong.

"Hindi muna mga anak. Tutuusin ko muna ang gastos at kinita ko sa ibinentang halayang ube kahapon."

"Bakit po kailangang tuusin ang gastos at kinita, Inay?" tanong ni Senyang.

"Upang malaman ko, malaman natin kung dapat o hindi dapat ipagpatuloy ang paggawa ng halaya. Kung kumita tayo ipagpapatuloy natin. Kung hindi tayo kumita, mag-iisip tayo ng iba pang pagkakakitaan," tugon ni Gng. Masaya.

"Sige po Inay, tutulong po akong magkuwenta . Marami na rin po akong natutunan sa pagtutuos sa aming araling Matematika," masayang sagot ni Dong.

Ipinakita ni Gng. Masaya ang talaan niya ng gastos at kinita sa paggawa niya ng halaya. Ito ang nakita ng mga bata:

## Halayang Ube

## 1. Mga Sangkap:

a. Ube - 2 kilo	P 40.00
b. Asukal - 1 kilo	28.00
c. Gatas kondensada - 4 na lata	120.00
d. Margarin	20.00
	<hr/>
	<b>208.00</b>

## 2. Iba pang gugulin:

a. Tubig	P 10.00
b. Kuryente	20.00
c. Panlinis	5.00
d. Pasahe	14.00
	49.00

<b>Kabuuang Gastos</b>	<b>P 257.00</b>
------------------------	-----------------

3. 16 na liyanera ang nagawang halaya  
Ipinagbili ang bawat liyanera sa halagang  
P25.00 ang isa

<b>Suma</b>	P 25.00
	x 16
	<hr/>
	<b>400.00</b>

4. Tubo:	Benta	400.00
	Gastos	<u>257.00</u>
	<b>Tubo</b>	<b>P 143.00</b>

Naipakita ni Gng. Masaya na P143.00 ang kinita niya sa paggawa ng halayang ube.

Sinabi niya sa kanyang mga anak na dadagdagan niya ang paggawa ng halayang ube upang madagdagan ang kanilang kita.

"Inay, ipakikita ko po pala sa inyo ang ginastos ko sa ginawa naming proyekto na binurdahang punda ng unan. Titingnan ko po kung kikita po ako kung ipagbibili ko ito," pagkukwento pa ni Senyang.

"Sige, Ate Senyang, titingnan ko kung tama ang gagawin mong pagtutuos ng gastos at kikitain mo," tugon naman ni Dong.

Ito ang ipinakita ni Senyang.

Pangalan ng Proyekto	Dami	Yunit	Kagamitan	Gastos	Kikitain
Punda	1	yarda	A. Katsa	P25.00	
			Sinulid na Pamburda	15.00	
			Sinulid na Panahi	5	
			B. Bayad sa Serbisyo	15.00	
			Kabuuang Halaga ng Puhunan	P60.00	
			Bahagyang Idaragdag	x 15%	
	300				
			Halagang Idaragdag	60	
				P9.00	
			Halaga ng Pagbebenta Puhunan	P69.00	
			Halaga ng kinita	-60.00	
					P9.00

"Tama ang pagkukuwenta mo. Magaling din po pala kayo sa pagkukuwenta," papuri ni Dong.

"Natutunan ko iyan sa aking guro," sagot ni Senyang.

"Sabi pa nga ng aming guro, mahalaga ang pagtutuos ng gastos at kikitain tuwing gagawa ng proyekto," pagkukuwento pa ni Senyang.

"Sige mga anak gawin ninyo dito sa bahay ang mga natutunan ninyong proyekto sa paaralan, nang sa ganun ay magkaroon kayo ng paunti-unting kita. At ang kikitain ninyo inyong ipunin at pahalagahan," pangangaral pa ni Gng. Masaya.

### Pangwakas na Gawain

Paglalahat

Itanong sa mga bata para mabuo ang konsepto:

- Kung ikaw ay kikita ng pera mula sa paggawa ng proyekto, paano mo pahalagahan ang kinita mo?

Paglalapad

Ipagawa at pasagutan sa mga bata:



Lagyan ng presyo ang mga kagamitan sa paggawa ng isang pencil holder at patubuan ang kabuuang halaga ng 15% lamang:

Mga Kagamitan:

1 basyo ng latang sardinas	P _____
Pandikit	_____
Makukulay na pahina ng magasin	_____
Iba pang palamuti	_____

Kabuuang Halaga = \_\_\_\_\_

Kikitain  $\times$  15%  
P \_\_\_\_\_

### Pagtataya

Tuusin ang mga gastos at kikitain sa sumusunod na proyekto.

Paggawa ng *flower vase* na may mga bulaklak mula sa ibat-ibang bahagi ng niyog:

1. Ibat-ibang parte ng niyog	P30.00	
2. Glue	15.00	
3. Varnish	10.00	
4. Mga Palamuti	20.00	
	Kabuuang Halaga P	
		$\times 15\%$
	Halagang Idaragdag	
	Halaga ng Pagbebenta	
	Halaga ng Kinita	

### Takdang Aralin

Itanong sa mga kaibigang kamag-aaral sa ikaanim na baitang ang mga natapos nilang proyekto sa EPP. Pumili ng isang proyekto nila at hingin ang talaan ng mga kagamitan at halaga ng bawat isa nito. Tuusin ang gastos at kikitain sa napiling proyekto.

## Aralin 2 - Katangian ng Isang Ekonomista

Batayang Mensahe: Mahalaga ang pag-entrepreneur sa pag-unlad ng kabuhayan

Batayang Pagpapahalaga: Mahusay na entrepreneur, Pagkamalikhain

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 2 araw

**Layunin:** Natatalakay ang katangian ng isang ekonomista

**Paksang Aralin:** Katangian ng Isang Ekonomista

Sanggunian: (PELC D 1) p. 4, Brochure p. 2-7

Kagamitan: *flow chart*, larawan ng mga taong nagpapakita ng kasipagan sa pagnenegosyo

### Pamamaraan

#### Panimulang Gawain

##### Balik-aral


Ibalik-aral sa mga bata ang pagsasapamilihan ng produkto.

Lagyan ng tsek (✓) kung tinutupad ang umiiral na batas sa pagsasapamilihan. Kung hindi, lagyan ng ekis (X) sa unahan ng bilang.

- \_\_\_\_\_ 1. Hustong bilang ng dosena ng itlog ang pinagbibili.
- \_\_\_\_\_ 2. Ipinagbabayad ng buwis ang mga itinitindang karne.
- \_\_\_\_\_ 3. Hindi dumaraan sa health inspection ang mga kakataying baboy at baka.
- \_\_\_\_\_ 4. Walang sakit o pinsala ang ipinagbibiling produkto.
- \_\_\_\_\_ 5. Inilulubog ang manok sa tubig bago ipagbili.

## Pagganyak

Ipakita sa mga bata ang flow chart. Itanong ang mga tanong pagkatapos.



Mga tanong:

1. Sino ang bumibili ng produkto?
2. Sino ang naghahanapbuhay? nagtatrabaho?
3. Sino rin ang pumipili ng produkto?

Kung ang sagot ng mga bata ay **tao**, tanungin sila: Ano ang nasa isip ng tao sa flow chart habang ginagawa niya ang mga gawain? Bilang isang anong uri ng tao ang ginagampanan ng tao sa chart? (Sagot: ekonomiks; ekonomista)

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

Ipabasa sa mga bata ang impormasyon tungkol sa isang ekonomista.

Ang ekonomiks ay may kinalaman sa mga taong bumibili ng produkto, naghahanapbuhay, o mga taong gumagawa ng pagpili ng produkto. Ginagawa rin natin ang mga bagay na ito katulad ng pagbili ng produkto, pagtatrabaho (yaong nasa komersyal, tumutulong sa mga gawain sa bahay o gumagawa ng takdang-aralin), at gumagawa tayo ng di mabilang na mga pagpili. Lahat ng ito kapag ginagawa natin, tayo ay maituturing na isang ekonomista.

**Pag-aralan ang katangian ng isang ekonomista sa pamamagitan ng diyalogo.**

Basahing mabuti ang diyalogo tungkol sa magkakaibigan.

**Aasenso Ka, Kaibigan!**

Sina Tony, Marcos at Jaime ay magkakaibigan. Silang tatlo ay may gustong makamit sa buhay, ang pag-asenso o pag-angat ng pamumuhay.

Tony: Marcos, nakita kitang masyadong seryoso sa paggawa ng mga basket. Halika, manood tayo sa TV ng laban ni Pacquiao.

Marcos: Ah, hindi na pare. Tatapusin ko na itong mga basket para madala ko na kay Aling Cita na siyang may order nito.

Tony: Sige, kung ayaw mo. Manonood muna ako bago ko tapusin ang paggawa ng kulungan ng aso sa bahay.

Jaime: Mga pare, may *training* sa barangay natin bukas tungkol sa pagpaparami ng mga ibat-ibang uri ng gulay.

Tony/Marcos: Magandang balita yan! Tamang-tama wala na kaming gagawin bukas at magiging mabunga pa ang araw natin sa training kaysa manood sa TV.

Jaime: Sa training na ito, di mapapantayan ng pera ang matututunan natin tungkol sa pagpapalaki at pagpaparami ng gulay dahil malaking pakinabang ang makukuha natin dito sa kabuhayan natin.

Tony/Marcos: Oo nga pare, salamat naman at sinabihan mo kami. Sa pamamagitan nito, tayo ay makapagtatanim na ng mga gulay at maibebenta natin sa paligid, kaya. . . . kikita na tayo!

Jaime: Maliban sa kikita tayo, wala pa tayong masasayang na araw at pagkakataon dahil ang ibubuhos nating lakas at puhunan dito ay lalago kapag naibenta natin ang mga bunga nito.

Tony/Marcos: Salamat naman. Sa wakas, aasenso din tayo, uunlad ang buhay natin kapag nagawa natin ito.

## **Pagtatalakay**

Mga tanong:

1. Alin ang pinahahalagahan ni Marcos, paggawa ng basket na pinagkakakitaan niya o panonood ng boksing sa TV?
2. Matatawag ba nating ekonomista si Marcos? Ano ang katangian niya bilang ekonomista?
3. Mahalaga ba sa magkakaibigan ang pera kaysa training na dadaluhan nila?
4. Bakit kailangan ang lubos na kaalaman bago magdesisyon ang isang ekonomista?
5. Maituturing bang ekonomista ang tatlong magkakaibigan?
6. Kung may magandang katangian ang ekonomista, palagay mo ba uunlad ang ating kabuhayan? Paano?
7. Anu-ano ang mga katangian ng isang ekonomista?

## **Pangwakas na Gawain**

### **Ikalawang Araw**

#### **Paglalahat**

Itanong: Batay sa binasang impormasyon at talakayan tungkol sa ekonomista, anu-ano ang kanyang mga katangian?

Inaasahang sagot:

1. Sinusulit ang paggamit ng mga napagkukunan.
2. Tinitimbang ang halaga at benepisyo ng isang desisyon.
3. Nagsusumikap na magkaroon ng lubos na kaalaman bago magdesisyon.
4. Kinikilala ang kahalagahan ng salapi at pagsisikap.
5. Pinaghahandaan ang kinabukasan.
6. Hindi maaksaya.

#### **Pagpapahalaga**

Ano ang kahalagahan ng pag-eentreprenur?

## Pagtataya

Ipasabi sa mga bata kung anong katangian ng ekonomista ang tinutukoy sa bawat sitwasyon.

1. Pinamamahalaan nang wasto at maayos ang produkto.
2. Ipinasusuri sa inspektor ng kalusugan ang mga kakataying manok.
3. Nagpapataw ng halaga sa orihinal na presyo ng produkto.
4. Nagbibigay ng pagkakataong makabili ng iba pang bagay ang mamimili.
5. Iniimpok ang perang kinita o ginagamit uli bilang puhunan.

## Takdang Aralin

Ipasagot ang hinihingi sa sitwasyon. Ipaulat sa klase ang kalalabasan nito. Ipagpalagay na may kapitbahay kang may negosyo ng mga damit. Nakikita mo na maraming bumibili ng damit dahil mura ang presyo ng mga ito. Ngunit, paglipas ng isang linggo, nakita mong tumaas ang presyo ng mga damit.

1. Ano ang magiging epekto nito sa mga mamimili?
  2. Ano sa palagay mo ang katangian ng may-ari ng damitan?
  3. Sa palagay mo, makatutulong kaya sa pagsulong ng kabuhayan ang ganitong uri ng may-ari ng damitan?
  4. Ano ang masasabi mo sa pagiging ekonomista niya?
- 

## Aralin 3 - Mga Salik Sa Pagbabalak Ng Pagkain

Batayang Mensahe: Ang mahusay na pagbabadyet ay nakatutulong sa maayos na pangangasiwa ng napagkukunan

Batayang Pagpapahalaga: Mahusay na pagbabadyet, Pagkamasinop

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 3 araw

### Layunin:

1. Natatalakay ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagbabalak ng pagkain.
2. Nakapagbabalak ng masustansya, mura at sapat na pagkain para sa mag-anak.

**Paksang Aralin:** Mga Salik Sa Pagbabalak Ng Pagkain

Sanggunian: PELC 2.1.3.1, 2.1.3.2

Kagamitan: *paper strips, cartolina, manila paper, pentel pen, tape, tseklist*

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Balik-aral

1. Bigyan ang bawat bata ng mga *paper strips* kung saan nakasulat ang ibat-ibang uri ng pagkain. Sabihin sa mga bata na ilalagay ang mga ito sa angkop na PAKSA.
2. Idikit sa pisara ang hugis bilog na mga cartolina na may nakasulat na mga paksa:

Tagapagbigay  
ng Lakas at Init  
ng Katawan

Tagapagbuo  
ng Katawan

Tagapag-  
saayos ng  
Katawan

Mga pagkaing maaaring isulat sa paper strips.

alamang  
keso  
margarina  
hipon  
gatas  
chocolate  
kamatis

dilis  
itlog  
ube  
mangga  
baka  
kamote  
cake

talong  
kalabasa  
tinapay  
noodles  
oatmeal  
petsay  
repolyo

pansit  
baboy  
atis  
pasta  
bayabas  
mais  
saging

3. Sabihin: Mahalagang matamo ng mag-anak ang wastong kalusugan sa pamamagitan ng masusustansyang pagkain.

#### Pagganyak

1. Ipabasa sa mga bata ang maikling dayalog:

### Sa Hapag-Kainan

Naghahapunan ang mag-anak nina Mang Robin at Aling Badette.

Roy (Panganay na anak): Inay, sabi po ng kaklase ko madalas daw po nilang pagkain ay pritong manok o baboy, *chopseuy*, *hotdog*, kanin, at *ice cream*.

Rhea (Bunsong anak): Kuya, masarap ang kinakain nila palagi.

Reyno (Pangalawang anak): Oo nga po. Pwede po kayang ganoon na rin lagi ang kainin natin, Inay?

Mang Robin: Hindi natin kayang laging ganoon ang kakainin. Hindi sapat ang ating pera.

Aling Badette: Subalit ang mahalaga, ay ang sustansyang dulot ng pagkain. Mura man o pangkaraniwan ang pagkain, higit na mahalaga ang sustansyang dulot nito. Isa pa, makatitipid pa tayo sa presyo ng pagkain.

2. Itanong sa mga bata:

Kung ikaw ay nagbabalak ng pagkain para sa inyong mag-anak, ano ang dapat mong isaalang-alang?

### Panlinang na Gawain

#### Ikalawang Araw

Paglalahad at Pagtatalakay

1. Pangkatin ang mga bata sa apat. Bawat pangkat ay pipili ng lider. Bigyan ang bawat pangkat ng tig-iisang *manila paper* at *pentel pen*.
2. Ipasulat sa mga bata ang karaniwang kinakain nila sa:
  - a. Agahan
  - b. Tanghalian o Hapunan
3. Ipakabit sa pisara ang natapos na gawa ng bawat pangkat. Ipaulat ito sa lider.



4. Pagkatapos mag-ulat ng mga lider, sabihin:  
Ang pagbabalak ng pagkain ay mahalaga upang magkaroon ng sapat na panahon sa paghahanda ng mga ito ayon sa kagustuhan at pangangailangan ng bawat kasapi ng mag-anak.
5. Balikan ang ginawa ng bawat pangkat. Isa-isang ilagay sa pocket chart ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagbabalak ng pagkain ng mag-anak.
6. Pag-usapan ang mga salik sa paghahanda ng pagkain ng mag-anak.
  - a. Kabuuan ng mag-anak o dami ng taong bumubuo rito
  - b. Gulang at uri ng gawain ng bawat miyembro ng mag-anak
  - c. Badyet ng mag-anak
  - d. Sustansyang kailangan ng bawat kasapi
  - e. Pagkaing nasa panahon
  - f. Panahon ng paghahanda
  - g. Kaalaman sa lutuin o resipe
  - h. Kasangkapan at kagamitan sa pagluluto

### **Pangwakas na Gawain**

#### Paglalahat

Tulungan ang mga bata na makabuo ng konsepto tungkol sa kahalagahan ng mga salik na dapat isaalang-alang sa pagbabalak ng pagkain ng mag-anak sa pamamagitan ng pagsulat ng isang tugma ng bawat pangkat.

Isang halimbawa ng sagot ng mga bata.

Pagkain ng mag-anak  
Maagap na binalak  
Badyet ay ginagayak  
Kaya sustansya'y tiyak.

### **Pagtataya**

Punan ng salita o mga salita ang bawat patlang. Pumili sa mga salitang nasa loob ng kahon.

- |                       |               |
|-----------------------|---------------|
| • badyet ng mag-anak  | • resipe      |
| • kabuuan ng mag-anak | • panahon     |
| • pera                | • masustansya |

1. Kahit na maliit ang kita, mahalaga pa ring pumili ng \_\_\_\_\_ pagkain.
2. Makatitipid kung ang pagkaing nasa \_\_\_\_\_ ang bibilhin at lulutuin.
3. Sa \_\_\_\_\_ nakasalalay ang halagang iuukol sa pamimili ng pagkain at uri ng pagkain.
4. Ang \_\_\_\_\_ o dami ng taong bumubuo sa mag-anak ay dapat ding isaalang-alang sa paghahanda ng pagkain upang malaman and dami ng ihahanda.
5. Ang kaalaman sa \_\_\_\_\_ ay mahalaga ring isaalang-alang sa paghahanda ng pagkain.

### Takdang Aralin

Itanong sa inyong Nanay o sa nagbabalak ng pagkain sa inyong mag anak, kung isinasaalang-alang ang mga salik sa paghahanda, sa pamamagitan ng tseklis.

Panuto: Lagyan ng tsek ang kaukulang kolum ayon sa sagot ng iyong nanay o sa naghahanda ng pagkain sa inyong pamilya.

<b>Isinasaalang-alang ba ng iyong mag-anak a ng mga salik sa paghahanda ng pagkain?</b>	<b>Oo</b>	<b>Hindi</b>
1. Badyet		
2. Sustansya		
3. Dami ng mag-anak		
4. Kaalaman sa resipe o menu		
5. Napapanahong pagkain		
6. Gulang at gawain ng kasapi		
7. Kasangkapan at kagamitan		
8. Panahon ng paghahanda		

### Panlinang na Gawain

#### Ikatlong Araw

##### Paglalahad

1. Ipakita ang huwarang pagkain (talaan na nagtataglay ng mga uri ng pagkaing angkop sa almusal, tanghalian, at hapunan)

- a. Agahan

Inumin (kape, gatas, juice)

Kanin (carbohydrates)

Ulam (protina)  
Prutas

b. Tanghalian/Hapunan

Inumin (katas ng prutas)  
Kanin - nagbibigay ng lakas at init sa katawan  
Ulam - manok/isda/baka (protina/mineral - tagabuo ng katawan)  
Prutas - (saging/pinya/mangga - nag-aayos ng katawan)

2. Ipaliwanag/Ipaunawa sa mga bata na dapat masustansya, mura, at sapat ang pagkain para sa mag-anak.
3. Ipagamit muli ang manila paper na ginamit kahapon. Gamitin ang likod nito. Bigyan muli ng pentel pen ang bawat pangkat. Pasulatin sila ng menu (listahan ng pagkain para sa isang kainan). Tiyakin na susundan nila ang huwaring pagkain sa almusal, tanghalian, at hapunan.

Halimbawa ng inaasahang sagot:

Agahan: gatas, kanin, itlog, kamatis, at saging  
Tanghalian: sinigang na bangus, kanin, kangkong, pinya  
Hapunan: tinolang manok, kanin, papaya

4. Ipapaskil ang natapos na menu ng bawat pangkat. Ipapaliwanag sa isang miyembro ng pangkat ang kanilang gawa.
5. Pagkatapos maipaliwanag ng miyembro ang kanilang ginawa, itanong ang mga sumusunod:
  - a. Masustansya ba ang bawat menu?
  - b. Mura ba ang mga pagkaing nakatala?
  - c. Sapat ba ang pagkain para sa mag-anak?
  - d. Ano ang naidudulot ng mahusay na pagbabalak ng pagkain?
  - e. Ano naman ang naidudulot ng mahusay na pagbabadyet?

### **Pangwakas na Gawain**

Paglalahat

Tingnan muli ang huwaring menu. Tulungan ang mga batang makabuo ng konsepto tungkol sa pagbabalak ng pagkain ng mag-anak sa pamamagitan ng mga tanong na ito:

- a. Anu-ano ang dapat isaalang-alang sa pagbabalak ng pagkain ng mag-anak?
- b. Ano ang nagagawa ng mahusay na pagbabadyet sa pangangasiwa ng pinagkukunan?

### Paglalapat

Kunin ang kuwaderno sa EPP at gawin ang pagbabalak ng pagkain para sa inyong mag-anak. Sundan ang huwarang menu at isaalang-alang ang badyet.

Agahan:

Inumin  
Kanin  
Ulam  
Prutas

Tanghalian/Hapunan

Inumin  
Kanin  
Ulam  
Prutas

### Pagtataya

Kilalanin ang tinutukoy ng pangungusap o sitwasyon sa pagbabalak ng pagkain. Isulat ang salitang masustansya kung ang tinutukoy ng pangungusap ay masustansyang pagkain; mura kung ang tinutukoy ay tungkol sa murang pagkain; sapat kung ang tinutukoy ay sapat na pagkain; at badyet o pagbabadyet kung ang tinutukoy ng pangungusap ay tungkol sa badyet. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

- \_\_\_\_\_ 1. Sinunod ni Aling Beth ang kanyang listahan nang siya ay mamili ng pagkain ng kanyang mag-anak.
- \_\_\_\_\_ 2. Nasabi ni Donna na ang kinakailangan ng katawan ay matutugunan kung ang huwarang pagkain ay masusundan ng mga ina ng tahanan.
- \_\_\_\_\_ 3. Kahit kaunti ang pera para sa pagkain matutugunan pa rin ang sustansyang pagkain sa palengke o pamilihan.
- \_\_\_\_\_ 4. Katamtaman ang inihandang pagkain ni Aling Malou sa kanyang pamilya.
- \_\_\_\_\_ 5. Hindi kukulangin ang pagkaing nakahain para sa agahan nina Mang Anton.

- \_\_\_\_\_6. Kung maayos ang paggastos na nakalaang pera sa pagkain ng mag-anak, ito ay makatutulong sa maayos na pangangasiwa ng pinagkukunan.

Inaasahang sagot ng mga bata:

- |                |                |
|----------------|----------------|
| 1. badyet      | 4. sapat       |
| 2. masustansya | 5. sapat       |
| 3. mura        | 6. pagbabadyet |

### Takdang Aralin

Gumawa ng isang linggong pagbabalak ng pagkain. Isaalang-alang ang mga salik at ang badyet sa pagkain ng inyong mag-anak. Isaalang-alang din ang huwarang pagkain. Sundin ang pormat sa ibaba.

Oras ng Pagkain	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
A. AGAHAN							
Inumin							
Kanin							
Ulam							
Prutas							
B. TANGHALIAN							
Inumin							
Kanin							
Ulam							
Prutas							
C. HAPUNAN							
Inumin							
Kanin							
Ulam							
Prutas							

## Aralin 4 - Mga Pamamaraan Sa Pagsasapamilihan ng Produkto

Batayang Mensahe: Mahalaga ang pag-iimpok sa pamumuhunan at pag-eentreprenur

Batayang Pagpapahalaga: Pag-iimpok, Pagkamasinop

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 2 araw

**Layunin:** Naiisa-isa ang pamamaraan sa pagsasapamilihan ng produkto.

**Paksang Aralin:** Mga Pamamaraan Sa Pagsasapamilihan Ng Produkto

Sanggunian: PELC B 3.5.1 p. 10

Kagamitan: talaan, tsart ng mga larawan, *puzzle*

### Pamamaraan

#### Panimulang Gawain

#### Balik-aral

1. Ipasuri sa mga bata ang puzzle sa ibaba. Ipahanap at pabilugan ang mga salitang tumutugon sa wastong pamamaraan at panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pag-aalaga ng mga manok.


A	K	B	K	D	E
G	U	H	I	L	M
N	L	O	P	R	S
T	U	B	I	G	A
T	N	O	W	Y	B
K	G	D	E	G	H
K	A	N	A	L	I
L	N	M	N	O	P

- a. Itayo ang bahay sa lugar na nasisikatan ng araw.
- b. Bigyan ng malinis na inumin ang mga alagang manok.
- c. Lagyan ng hukay ang paligid ng kulungan ng manok.

2. Ipasabi sa mga bata ang maaaring makuha sa pag-aalaga ng hayop sa pamamagitan ng pagguhit.

### Pagganyak

Sabihin: Pagmasdang mabuti ang mga larawan sa loob ng mga talutot ng bulaklak :Piliin kung alin dito ang madaling ibenta sa palengke at magbibigay ng malaking kita:




Tanggalin ang talutot ng napiling bulaklak sa pamamagitan ng pagkopya nito sa malinis na papel. Paikutan ito ng dahon na may nakasulat na mga dahilan kung bakit madali itong maibenta at ano ang gagawin sa perang kinita.

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Ipakita ang tsart ng mga larawan katulad ng nasa ibaba. Ipasuri at ipauring mabuti ang bawat produkto. Ipasabi kung paano ipinagbili ang mga ito nang bilhin niya. Ipasulat sa tapat ng larawan ang halaga ng bawat isa.



2. Ipagawa ang isang talaan ng produkto ng manok. Ipatala ang halaga ng bawat isa. kung ito ay ibebenta at kung magkano ang tutubuin.
3. Ipagpalagay na alam na nila ang tutubuin, pangkatin ang mga bata sa lima at ipasadula ang kanilang gagawin sa kinita sa mga produkto ng manok.

## Ikalawang Araw

### Pagtatalakayan

Ipasagot ang mga tanong:

1. Magkano ang kinita ng inyong pangkat?
2. Ano ang gagawin ninyo sa kita?
3. Lahat ba ng kinita ninyo ay gagastahin?
4. Saan kayo maaaring mag-impok?



5. Paano ninyo pamamahalaan ang produkto para kumita ito ng malaki?
6. Kailangan bang mag-impok upang makapamuhunan? Paano?

## **Pangwakas na Gawain**

### **Paglalahat**

Gabayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat sa pamamagitan ng tanong:

Batay sa inyong ginawa, anu-ano ang pamamaraan sa pagsasapamilihan ng produkto upang makapag-impok ng pampuhunan at maging *entrepreneur*?

Muling ipaliwanag: Ang pag-entrepreneur ang kakaibang talino na taglay ng ilang tao sa paghahanap at pagkuha ng pakinabang sa mga bagong pagkakataon sa negosyo at sa paglinang ng mga bagong produkto o ng bagong paraan ng paggawa ng mga bagay.

### **Paglalatap**

Ibabasa at ipasagot sa mga bata ang sitwasyon.

Sa isang araw ay may naghahatid sa iyo ng isang daang pirasong itlog. Ilarawan o iguhit kung paano mo isasaayos ang mga itlog sa tamang pamilihan. Gumawa ng talaan ng kwenta nito at tingnan kung ikaw ay kikita sa kasalukuyang presyo. Magamit mo kaya sa pamumuhunan ang iyong tutubuin? May maiimpok ka pa ba? Ipaliwanag.

## **Pagtataya**

Sumulat ng isang talata tungkol sa wastong pamamahala ng produkto ng mangga.

## **Takdang Aralin**

Magmasid-masid sa inyong paligid o sa palengke kung may kakilalang nagsasapamilihan. Kapanayamin mo kung paano nila pinamamahalaan at iniingatan ang kanilang ipinagbibiling produkto. Saan sila kumukuha ng puhunan? lulat ang anumang kinalabasan ng inyong pakikipanayam.

## Aralin 5 - Wastong Pamamaraan ng Pag-iimbak ng Pagkain

Batayang Mensahe: Magtipid para sa kinabukasan

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamatipid, Pagkamasinop

Bilang na Araw ng Pagtatalakay: 4 araw

### Layunin:

1. Natatalakay ang mga pamamaraan sa pag-iimbak ng pagkain.
2. Naipapakita ang wastong pamamaraan ng pag-iimbak ng pagkain tulad ng karne at isda.

**Paksang Aralin:** Pamamaraan sa Pag-iimbak ng Pagkain

Sanggunian: PELC (3.4)

Kagamitan: *puzzle, score card, poster, poster, tape*, mga kasangkapan sa pag-iimbak

### Pamamaraan

#### Panimulang Gawain

#### Balik-aral

Pagpapakita ng poster tungkol sa ilang kagamitan/kasangkapan sa pagluluto. Sabihin sa mga bata: Kilalanin ang bawat kasangkapan o kagamitan na makikita sa poster.



## Pagganyak

1. Ipabasa sa isang batang mahusay bumasa ang maikling kuwento:

### **Si Temyong Matipid**

Pitong taon pa lamang si Temyong nang matutunan niyang mag-iimpok ng pera sa pamamagitan ng alkansiyang gawa sa kawayan. Iniipon niya sa alkansiya ang kanyang kinikita sa paglalako ng pandesal.

Mula rin sa limang pisong baon ni Temyong, itinatabi niya ang piso nito. Hindi siya gumagastos ng higit sa apat na piso araw-araw.

2. Itanong sa mga bata: Sa palagay mo, bakit nag-iimpok ng pera si Temyong?
3. Sabihin: Ang pag-iimpok ng pera ay mahalaga upang mayroong magamit para sa mga mahahalagang bagay sa hinaharap o sa panahon ng kasalatan.
4. Katulad ng mga pagkain, halimbawa: Ang isda at karne ay maaari ring maihain sa panahon na kulang ang ulam kung matututunan natin ang pamamaraan ng pag-iimbak ng mga pagkaing ito.

**Panlinang na Gawain**

1. Ipakita ang puzzle sa pamamagitan ng cartolina. Hanapin at bilugan ang tungkol sa pag-iimbak ng isda at karne at mga kagamitan sa pagsasagawa nito.

A	P	A	G	S	A	S	A	L	A	T	A	T	P	A	I	J	K	P
D	A	S	S	R	G	H	R	K	L	A	S	Y	P	Z	L	O	P	A
F	G	G	P	I	S	D	A	W	X	P	R	W	R	E	B	F	H	G
G	P	U	Y	S	N	L	B	C	K	A	R	N	E	Q	R	C	S	Y
H	A	S	L	P	T	O	E	S	L	F	H	G	S	T	U	V	D	E
B	P	A	G	P	A	P	A	T	U	Y	O	S	E	X	A	X	Z	Y
C	A	D	V	L	D	R	L	O	U	M	C	O	R	T	Z	P	S	E
Q	U	B	C	S	E	L	A	R	S	Y	C	D	B	X	B	E	M	L
A	S	U	K	A	L	C	B	T	U	N	O	Q	A	P	S	R	T	O
S	O	G	H	J	S	L	D	V	W	O	T	P	L	A	U	T	R	Q
T	K	I	Y	O	T	P	Q	L	S	A	R	S	C	B	D	A	E	S

2. Itanong: Anu-anong mga salita ang nakita tungkol sa pag-iimbak ng pagkain? Alin-alin ang mga pamamaraan sa pag-iimbak ng isda at karne?  
Inaasahang sagot ng mga bata: pagsasalata, pagpapausok, pagpapatuyo, pagyeyelo, pag-aasin
3. Itanong: Anu-ano ang pangkaraniwang pamamaraan na ginagamit sa pag-iimbak ng isda at karne?
4. Pangkatin ang mga bata sa apat na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng isang pamamaraan ng pag-iimbak ng isda at karne.

Hal.

- Pangkat 1 - Pagpapatuyo
- Pangkat 2 - Pagpapausok
- Pangkat 3 - Pag-aasin
- Pangkat 4 - Pagyeyelo

5. Sabihin sa mga bata: Pag-usapan ng bawat pangkat ang tungkol sa kanilang paksa.

Mga inaasahang sagot:

PANGKAT I - Pagpapatuyo

Ang pagpapatuyo ay isang payak at madaling paraan ng pag-iimbak ng isda at karne. Kapag ang isda at karne ay nakalapat o nasisikatan ng matinding init, ang taglay nitong tubig ay lubhang nababawasan hanggang ito ay matuyo. Ang pagpapatuyo ay maaaring gawin sa ibat-ibang paraan. Ang pinakamatipid na paraan ay ang pagbibilad sa pamamagitan ng sikat ng araw. Ang iba ay hinuhurno o kaya'y tinatapatan ng isang bentilador nang mahigit na 24 na oras.

PANGKAT II - Pagpapausok

Ang pamamaraang ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng paglalagay ng bahagyang asin at itinatapat ito sa usok na galing sa mahinang pagsunog ng kusot o balat ng kahoy. Ang pag-uusok ay nagpapatuyo sa pagkain, nagpapatigas sa ibabaw at laman at nagpapabawas ng taglay nitong tubig. Dahil hindi namumuhay ang bacteria sa tuyong bagay, ang pagkain ay maiimbak. Ito ay mabagal na paraan ngunit ang mga pagkaing dumaan sa pagpapausok ay makatas at mayroong naiibang lasa. Halimbawa ng mga pagkaing pinauusukan: tinapa, tapa

PANGKAT III - Pag-aasin

Ito ay matandang pamamaraan ng pag-iimbak ng pagkain na madalas ginagamit ng mga mangingisda lalung-lalo na kung marami silang huling isda. Sa pag-aasin, ang tubig na taglay ng pagkain ay napapalitan ng asin. Ito ang nagpapatigas ng isda o karne kung kaya't napipigilan ang pagkabulok.

PANGKAT IV - Pagyeyelo

Ang mababang temperatura ay nakapagpipigil sa pagdami ng mga mikrobyo o bacteria sa mga sariwang pagkain. Ito ang dahilan kung bakit inilalagay ang mga pagkain sa *freezer* o palamigan. Dito ang pagkain ay tumitigas dahil sa ang yelo ay bumabalot sa pagkain. Ang mga sariwang karne at isda ay kailangang ilagay sa pinakamalamig na bahagi ng palamigan.

## Ikalawang Araw

### Pangwakas na Gawain

#### Paglalahat

1. Tulungan ang mga bata na makabuo ng konsepto tungkol sa wastong pamamaraan ng pag-iimbak ng isda at karne sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga sumusunod:
  - Bakit mahalaga ang pag-iimbak ng pagkain?
  - Anu-ano ang mga pamamaraan ng pag-iimbak ng isda at karne?

### Pagtataya

Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang titik ng pinakatamang sagot.

	A	B
_____1.	Pagyeyelo	a. Ito ang pinakamatandang paraan ng pag-iimbak
_____2.	Pag-iimbak	b. Itinatapat ang isda o karne sa usok.
_____3.	Pag-aasin	c. Madaling masira ang isda o karne.
_____4.	Pagpapausok	d. Pagkain para sa kinabukasan.
_____5.	Pagpapatuyo	e. Ang isda o karne ay inilalagay sa pinakamalamig na parte ng palamigan
		f. Ang isda ay pinasisikatan ng matinding sikat ng araw.

### Takdang Aralin

Magdala ng mga kakailanganin ng inyong pangkat para sa pagpapakita ng pamamaraan ng pag-iimbak ng pagkain na nakatakda sa bawat pangkat.

## Ikatlong Araw

### Panlinang na Gawain

1. Sabihin: Pagkatapos matutunan o malaman ang mga pamamaraan ng pag-iimbak, ipakikita ng bawat pangkat kung paano ginagawa ang bawat isa.

2. Itanong: Anu-ano ang dapat isaalang-alang kapag gumagawa ang bawat pangkat?  
Inaasahang sagot: Mga Alituntunin sa Paggawa
  - a. Tiyaking kumpleto na lahat ang mga kagamitang kakailanganin sa pagsasagawa upang hindi masayang ang oras.
  - b. Iplano ang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang.
  - c. Ituon ang buong isip sa ginagawa.
  - d. Sikaping tapusin ang anumang gawaing sinimulan.
  - e. Maging malinis sa lugar na pinaggagawaan.
  - f. Maging maingat sa paggamit ng anumang kasangkapan upang hindi masaktan.
3. Sabihin sa mga bata: Mahalaga ang pagsunod sa mga alituntunin sa paggawa upang maging maayos ang kalalabasan ng ginawa. Inaasahan na ang bawat pangkat, ang bawat miyembro ng pangkat ay susundin ang mga alituntunin sa paggawa upang walang masaktan.
4. Mga inaasahang dadalhin at mga pamamaraan ng paggawa na ipakikita ng bawat pangkat.

#### Pangkat I - Pagpapatuyo ng Isda

##### A. Mga Sangkap:

$\frac{1}{2}$  kilo isda  
asin  
paminta

##### B. Mga Kasangkapan:

sangkalan  
kutsilyo  
tray  
maliit na palanggana

##### C. Paraan ng Paggawa:

1. Kaliskisan, biyakin sa gitna at hugasan ang isda.
2. Lagyan ang isda ng konting asin at paminta.
3. Ilatag/layos ang mga isda sa tray.
4. Ibilad sa init ng araw ang isda. Kung hindi mainit ang sikat ng araw, maaari itong pahanginan sa pamamagitan ng bentilador.
5. Ulitin ang pagbibilad/pagpapahangin hanggang sa matuyo ang mga isda.

Pangkat II - Pagpapausok ng Isda

A. Mga Sangkap:

$\frac{1}{2}$  kilo isda  
asin

B. Mga Kasangkapan:

palanggana  
bandehadong *stainless/stainless* na tray  
caserola

C. Paraan ng Paggawa:

1. Hugasan ang isda.
2. Ilagay ang isda sa caserola.
3. Lagyan ng konting asin at tubig.
4. Bahagyang iluto ang isda.
5. Hanguin ang isda sa caserola at patuluin o patuyuin sa tray o bandehado.
6. Maaari na itong pausukan sa pamamagitan ng usok na galing sa mahinang pagsunog ng kusot at balat ng kahoy.

(Sabihin sa mga bata: Ang pag-uusok ay gawin sa bahay.)

Pangkat III - Pag-aasin

A. Mga Sangkap:

$\frac{1}{2}$  kilo karneng baboy o isda  
asin

B. Mga Kasangkapan:

palanggana  
kutsilyo  
sangkalan

C. Pamamaraan:

1. Kaliskisan at hugasan ang isda/karne
2. Lagyan ng bahagyang mga hiwa ang isda/karne.
3. Lagyan ng asin ang mga hiwa ng isda/karne.
4. Ilagay ang isda/karne sa lalagyan na mayroong takip.

Sabihin: Ang pagyeyelo ay pinakamadali at pangkaraniwang paraan ng pag-iimbak ng pagkain, hindi na ito ipakikita.



## Ika-apat na Araw

### Pangwakas na Gawain

#### Paglalahat

Itanong sa mga bata: Paano makatitiyak na ligtas, madali at matagumpay ang pag-iimbak? Anong kabutihan ang naidudulot sa kaalaman sa pag-iimbak ng pagkain?

Inaasahang sagot:

Makatitiyak na ligtas, madali at matagumpay ang pag-iimbak kung ang mga tuntuning dapat tandaan ay isinagawa nang maayos.

Ang kaalaman sa pag-iimbak ng pagkain ay makapagdudulot ng sapat na pagkain sa mahabang panahon, makatitipid at makapaghahain ng ibat-ibang putahe na kaiba ang lasa at linamnam.

#### Paglalapat

Sagutan ang score card. Lagyan ng tsek ang kaukulang kolum.

Mga Sitwasyon	Oo	Hindi
1. Wasto ang mga sangkap.		
2. Wasto ang mga kasangkapan.		
3. Sinunod ang pagkasunud-sunod ng mga hakbang.		
4. Matipid at maparaan sa paggamit ng mga sangkap.		
5. Napanatili ang kalinisan sa lugar.		
6. Naging maingat sa paggamit ng mga kasangkapan.		
7. Natapos sa takdang oras.		

## Pagtataya

Sipiin ang sumusunod na mga pangungusap/sitwasyon. Lagyan ng tsek(/) kung pamamaraan ng pag-iimbak at ekis (X) naman kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Nilalagyan ng asin at itinatapat sa usok na galing sa mahinang pagsunog ng kusot at balat ng kahoy.
- \_\_\_\_\_ 2. Ito'y matandang pamamaraan ng pag-iimbak.
- \_\_\_\_\_ 3. Pinasisikatan ng matinding sikat ng araw o kaya'y tinatapatan ng bentilador.
- \_\_\_\_\_ 4. Karagdagang kita ng pamilya
- \_\_\_\_\_ 5. Nilalagyan ng asin ang mga hiwa ng isda at karne.

## Takdang Aralin

Maglikom ng mga resipe sa pag-iimbak ng isda at karne.

---

### **Aralin 6 - Mga Batayang Kaalaman sa Matalinong Pamimili ng Pagkaing Iimbakin**

Batayang Mensahe: May mga gabay na makapagbibigay kaalaman upang maging isang matalinong mamimili

Batayang Pagpapahalaga: Matalinong Mamimili

Bilang ng Oras ng Pagtatalakay: 2 araw

#### **Layunin:**

- Nagagamit ang batayang kaalaman sa matalinong pamimili ng pagkaing iimbakin.

**Paksang Aralin:** Batayang Kaalaman sa Matalinong Pamimili

Sanggunian: PELC (A 3.3) p. 5


Kagamitan: Mga larawan, brochure (*Making Cents*), p. 35, play money  
Mga Kuwento sa Paghawak ng Pera ni *Speedy Manny* - p. 23

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

Balik-aral

Ipabalik-aralan sa mga bata ang aralin tungkol sa wastong pagbabalak ng pagkain. Sa pamamagitan ng *circle graph*, ipasagot ang hinihingi ng graph: Ang salik sa pagbabalak ng pagkain ng isang mag-anak. Ipabigay ang mga salik paikot sa graph.



Pagganyak

Sa silid-aralan, gumawa ng isang kunwaring tindahan ng ibat-ibang produkto katulad ng prutas, gulay, o karne.

Sa pamamagitan ng *play money*, pabilhin ang mga bata ng nais nilang produkto. Tingnan at suriing mabuti ang binibili ng mga bata. Pagkatapos mamili, ipasagot ang mga tanong:

1. Anu-ano ang pinamili mo?
2. Bakit ang mga ito ang binili mo?
3. Alin sa mga binili mo ang di agad mabubulok?
4. Sa palagay mo, tama ba ang presyo ng mga binili mo?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad at Talakayan

Hatiin ang klase sa dalawa. Bawat pangkat ay tulung-tulong na ipaliliwanag ang kanilang kuro-kuro at ideya tungkol sa mungkahing paksa:

"Paano ninyo masasabi na ang pag-iimbak ay nagdudulot ng katipiran at pagkakakitaan sa matalinong paraan?"

Hikayatin ang mga bata na magpalitan ng ideya tungkol sa paksa sa loob ng limang minuto.

**Moderator:** May panahon na maraming pagkain ang naaani. Sa pagkakataong ito, mapag-uukulan ng pansin at magiging kapaki-pakinabang ang gawaing pag-iimbak. Ngunit marami ang nagsasabi na ang pag-iimbak ay nagdudulot ng katipiran at pagkakakitaan sa matalinong paraan. Paano?

**Unang Pangkat:** Ang kailangan dito ay maging mapagmasid sa kapaligiran tulad ng kaalaman sa ibat-ibang pagkaing napapanahon at pagkaing nagiging mahal kapag wala sa panahon.

**Pangalawang Pangkat:** Totoo 'yan. At ang sapat na kaalaman tungkol sa pag-iimbak ng gulay, karne, prutas, isda, at iba pa ay maaaring pagkakitaan at maiiwasan pa ang pagkabulok ng mga ito. Pero, paano mo gagamitin ang kaalaman mo sa pamimili ng mga dapat imbakin?

**Unang Pangkat:** May mga katangiang dapat hanapin sa alin mang pagkaing bibilhin lalo na kung iimbakin mo ito katulad ng karneng baboy - kailangang marosas-rosas ang kulay ng laman, hindi mapulang-mapula o nangingitim at maputi ang taba, may tatak na nagpapatunay na nasuri ito ng pamahalaan, malambot kapag hinawakan ngunit bumabalik sa dating anyo kapag pinisil at walang di kanais-nais na amoy.

Ang karneng manok, ano ang katangian upang masabi na sariwa ito?

**Pangalawang Pangkat:** Ang sariwang manok ay siksik ang laman at manilaw-nilaw ang taba sa balat; malambot at makinis, walang pasa-pasa

ang balat; walang maliliit na balahibong nakikita at tanggal na ang laman-loob, mga paa at ulo, natatakpan ng laman ang dulo ng buto sa pitso, malambot at nakabaluktot ang buto sa pitso ng manok na pamprito; matigas at matatag ang buto sa pitso ng manok na panlaga.

Ang isda naman, paano mo masasabi na puwede nang iimbak?

**Unang Pangkat:** Ang isda ay kailangang may malinaw at nakaumbok na mga mata; mapula ang hasang; kapit na kapit sa balat ang kaliskis; matatag ang laman at di humihiwalay sa tinik, at bumabalik sa dating anyo kapag pinisil, at walang di kanais-nais na amoy. Paano n'yo naman masasabi na sariwa ang itlog?

**Pangalawang Pangkat:** Ang sariwang itlog ay magaspang ang balat, malinaw at naaaninag ang pula kapag itinapat sa ilaw, mabigat para sa taglay na laki at lumulubog kapag inilalagay sa palangganang may tubig.

Kailangan din bang gulay at prutas ay sariwa bago imbakin?

**Unang Pangkat:** Hindi maiimbak ang gulay at prutas kung hindi ito sariwa. Kailangan, walang mga pasa o bahaging malambot; matingkad ang kulay; malago at hindi lanta o nangungulubot ang mga dulo ng madahong gulay; matigas ang laman at maayos ang hugis ng mga bungang-ugat; makintab ang balat at pantay ang pagkahinog ng mga prutas.

Ang mga bungang butil, paano mo masasabi na sariwa?

**Pangalawang Pangkat:** Kailangang pare-pareho ang laki ng mga bungang butil; walang mga butas o mga kulisap; hindi nangingitim o nangungulubot; at maayos ang pagkakatuyo at hindi mamasa-masa.

Maliban sa mga katangian nito, ano pa ang dapat tandaan ng isang mahusay na mamimili?

**Unang Pangkat:** Ang mahusay na mamimili ay marunong ding humanap ng mga dapat niyang bilhin upang makatipid sa oras, lakas, at salapi. Isasaalang-alang din ba ang pamilihan kapag namimili?

**Pangalawang Pangkat:** Dapat ding isaalang-alang ang ibat-ibang pamilihan kapag namimili, tulad ng mga *shopping center*. Halos lahat ng kailangan ay makikita na rito tulad ng sariwang gulay, karne, at isda. Dito ay makatitipid ka sa oras at pagod sa pag-iikut-ikot dahil lahat ay nasa iisang lugar lamang. Mura na, presko pang mamili rito. Subali't kailangan din bang malaman ang presyo sa ibang pamilihan?

Unang Pangkat: Kailangang malaman ang presyo sa iba pang mga pamilihan upang mapaghambing kung saan higit na mura mamili. Maaari ring tingnan muna ang mga nais bilhin at itala lamang ang mga presyo ng bawat pinuntahang tindahan upang kung nais nang bumili at handa na ang ipamimili ay alam na kung saan dapat bumili. Ito'y tinatawag na pagka-*canvass*. Paano ka naman makatitipid sa pagbili?

Pangalawang Pangkat: Bumili ng iimbaking napapanahon upang makatipid dahil kung wala sa panahon ang gusto mong bilhin, mataas ang presyo nito. Kailangan bang magpadala sa magandang patalastas sa pagbili ng iimbakin?

Unang Pangkat: Dahil sa mahigpit na kumpetisyon sa pagitan ng mga gumagawa ng produkto para maibenta ito, ginagamit ang patalastas upang makuha ang pansin ng mga mamimili. Mahalagang isipin na sa kadalasan ang mga patalastas ay bihirang magbigay ng kaalaman, kalidad, at presyo. Kung mahalaga sa iyo ang kalidad at presyo, dapat ay may alam ka sa mga ito. Ano pa ang maaaring tandaan kapag namimili ng iimbakin?

Pangalawang Pangkat: Isa pang maaaring tandaan ay ang isipin kung may puwedeng pamalit sa binabalak bilhin. Kadalasan kasi ang mamimili ay nagmamadali sa pagbili ng isang bagay nang hindi iniisip ang maaaring pamalit dito. Ang pagsasaalang-alang sa maaaring pamalit sa bibilhin ay magbubukas sa mas malawak na pagpili ng presyo, kalidad, at iba pang bagay na lalong napag-aaralan. Kailangan din bang kilala natin ang binibilhan sa palengke?

Unang Pangkat: Dapat ay pumili ng maaaring maging suki sa palengke na mapagkakatiwalaan na malinis ang paninda at husto ang kiluhan. Dapat bang bumili ng may tamang timbang?

Pangalawang Pangkat: Bumili ng iimbakin na tinitimbang at may laya kang makapamili. Nakatitipid ding bumili ng por dosena o por daan depende sa presyo ng bibilhin.

Moderator: Ngayon ay nalaman na natin kung paano tayo malayang makapamimili ng bibilhin sa pag-iimbak. Sa palagay nyo ba isa na kayong matalinong mamimili?

Una at Pangalawang Pangkat: Opo.

Ipasagot ang mga tanong:

1. Bakit kailangang malaman ang tungkol sa pag-iimbak ng gulay, karne, prutas, isda, at iba pa?
2. Anu-ano ang katangian ng produktong dapat mong imbakin?
3. Sa palagay mo, masusunod mo kaya ang mga malayang pamamaraan sa pagbili ng iimbakin?
4. Alin sa mga nabanggit na gabay ng mamimili ang sa palagay mo'y pinakamahusay at pinakamatalino mong magagawa?

## Ikalawang Araw

Paglalahat

Bigyan ang bawat pangkat ng strips ng *cartolina* at ipasulat sa mga bata ang mga natutunang gabay na makapagbibigay-kaalaman upang maging isang matalinong mamimili.

Sagot: Mga Dapat Tandaan sa Matalinong Pamimili

1. Maghanda ng talaan/listahan ng pamimilihin upang makatipid sa oras at pagod at di pabalik-balik.
2. Bumili ng pagkaing napapanahon upang makatipid.
3. Huwag magpadala sa magandang patalastas at pananalita ng tindera.
4. Isipin kung may puwedeng pamalit sa binabalak bilhin.
5. Bumili ng maramihan kung kinakailangan at bantayan ang pagtitimbang o pagbibigay ng halaga.
6. Bumili ng pagkaing tinitimbang at may laya kang makapamili. Nakatitipid ding bumili ng por dosena o por daan depende sa presyo ng bibilhin.
7. Pumili ng maaaring maging suki sa palengke na maaaring mapagkakatiwalaan na malinis ang paninda at husto ang kakiluhan.
8. Isipin ang halaga ng pagkakataon sa bagay na binabalak bilhin.
9. Itanim sa isip ang pangmatagalang hangarin.

Pagpapahalaga

Anu-ano ang mga gabay na makapagbibigay-kaalaman upang maging isang matalinong mamimili?

Paglalapat

Sabihin sa mga bata na pumunta sila sa *sari-sari store*, *grocery* o palengke. Ipaalam kung paano nagkakaiba ang halaga at uri ng kanilang mga tinda.

Panuto:

Alamin ang halaga at uri ng sumusunod na mga paninda at itala ang halaga ng mga ito. Alamin kung saan may mataas na uri ng pagkain. Gamitin ang kaalamang natutuhan sa aralin.

	Halaga sa		
	Sari-sari Store	Grocery	Palengke
12 itlog	P	P	P
1 kilong karneng manok			
2 kilong bigas (sinandomeng)			
1 kilong isda (alumahan)			
1 taling sitaw			
1 litrong langis			
2 guhit ng <i>monggo beans</i>			
1 kilong asukal (puti)			

### Pagtataya

Panuto: Piliin ang gabay sa hanay B na nakapagbibigay-kaalaman upang maging isang matalinong mamimili sa nakatala sa hanay A. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

#### A

1. Alamin ang kailangang bilhin
2. Panahon ng mangga, kailangang bumili na ngayon
3. Itanong mo sa sarili kung mas karapat-dapat ang iyong bibilhin kaysa halaga ng pagkakataon nito.
4. Sa pagbili ng *cellphone* maaaring alamin ang puwedeng pamalit na marka kaysa sa gustong bilhin
5. Kung nais mong mag-impok para sa pag-aaral sa kolehiyo, babawasan mo ang paggasta sa mga bagay na gusto mo ngayon.

#### B

- a. Itinatanim sa isip ang pangmatagalang hangarin.
- b. Iniisip kung may puwedeng pamalit sa binabalak bilhin
- c. Maghanda ng talaan/ listahan ng bibilhin
- d. Bumibili ng pagkaing napapanahon upang makatipid
- e. Iniisip ang halaga ng pagkakataon ng bagay na binabalak bilhin.
- f. Bumili ng maramihan kung kinakailangan



Sagot:

1. c
2. d
3. e
4. b
5. a

## Takdang Aralin

Ipagawa ito sa mga mag-aaral.

Pagkatapos ng klase, pumunta sa isang tindahan o kung saan kayo malapit sa pamilihan. Bumili ng gusto ninyong bilhin kung may pera kayo. Kung wala kayong dalang pera, tingnan ang nais ninyong bilhin. Itala at dalhin ang listahan sa klase kinabukasan. Sa mga nakabili sa tindahan o palengke, dalhin n'yo rin ang mga binili n'yo at iulat sa klase kung bakit iyan ang inyong binili.

---

## Aralin 7: Talaan ng Gastos at Kinita

Batayang Mensahe: Pahalagahan ang bawat perang kinita

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamasinop

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 2 araw

### Layunin:

1. Nakapag-iingat ng talaan ng gastos at kinita.
2. Napahahalagahan ang bawat perang kinita

**Paksang Aralin:** Pag-iingat ng Talaan ng Gastos at Kinita

Sanggunian: (PELC B 1.13) p. 8

Kagamitan: Tsart ng Talaan ng Gastos at Kita, *play money*

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Balik-aral

Anu-ano ang mga palatandaang dapat isaalang-alang kung ang mga halamang *ornamental* ay maaari mo nang ipagbili? Dapat din bang isaalang-alang ang kikitain mo?

#### Pagganyak

Magkano ba ang baon niyo araw-araw? Kasya ba ito o sobra sa mga gastusin mo sa loob ng isang araw? Anong ginagawa mo sa sobrang pera ng baon mo? (Iniipon) May isang paraan kung paano madadagdagan ang ipon mo. Gusto niyo bang malaman?

### Panlinang na Gawain

#### Paglalahad at Talakayan

Paghahalamang ornamental at pag-aalaga ng halamang namumulaklak ang nakagisnang hanapbuhay nina Mang Jose at Aling Yolie. Naging kaugalian na nila ang mag-ingat ng talaan ng gastos at kinita. Pag-aralan ang kanilang talaan nang mag-umpisa sila sa kanilang hanapbuhay noong Enero, 2006.

Sa simula, bumili sila ng mga sumusunod:

100 supot na <i>plastic</i>	P 25.00
8 sako ng organikong pataba (P10.00 isa)	80.00
10 sako ng lupang mataba (P5.00/isa)	50.00
Ibat-ibang uri ng pananim	25.00
Kuryente at tubig	45.00

**Kabuuang Gastos P225.00**

Pagkaraan ng apat na buwan, halos naibenta nilang lahat ang kanilang mga halaman. Dahil mataas ang uri ng mga ito, nakapagtakda sila ng mataas na presyo. Ito ang talaan ng kanilang naibentang halaman.

Bilang ng Ibinenta	Pangalan ng Halaman	Halaga ng bawat isa	Kabuuang Halaga
8	<i>Rose</i>	P12.00	96.00
12	<i>Palmera</i>	25.00	300.00
10	<i>Santan</i>	6.00	60.00
15	<i>Gumamela</i>	10.00	150.00
10	<i>Rosal</i>	12.00	120.00
18	<i>Sampaguita</i>	10.00	180.00

Habang inaalagaan nila ang unang pinatubong mga halaman, nagsimula uli silang magpatubo ng panibagong halamang ornamental at mga halamang namumulaklak. Inulit nila ito at iginawa ng kabuuang talaan katulad ng sumusunod:

Mga Kailangang Bagay	Una		Pangalawa		Pangatlo		Presyo ng Bawat isa	Kabuuang Gastos
	Bilang	Halaga	Bilang	Halaga	Bilang	Halaga		
1. Matabang lupa	5 sako	25.00	7	35.00	8	40.00	5.00/sako	100.00
2. Organikong pataba	8 sako	80.00	10	100.00	12	120.00	10.00/sako	300.00
3. Supot na plastik	100	25.00	200	50.00	250	62.50	25.00/isa	137.50
4. Kuryente at tubig		45.00		60.00		75.00		180.00
5. Iba't ibang pananim		25.00		60.00		50.00		135.00
6. Upa sa paggawa		200.00		305.00		447.50		952.50

Gumawa rin sila ng talaan ng kanilang mga naibentang halaman

Bilang at Halaga ng Naibentang Halaman									
Halamang ornamental/namumulaklak	Presyo ng bawat isa	Unang Bentahan		Pangalawa		Pangatlo		Kabuuang Bilog	Kabuuang Halaga
		Bilang	Halaga	Bilang	Halaga	Bilang	Halaga		
1. <i>Rose</i>	P12.00	8	P96.00	15	180.00	24	288.00	47	P564.00
2. <i>Palmera</i>	25.00	12	300.00	25	625.00	30	750.00	67	1,675.00
3. <i>Santan</i>	6.00	10	60.00	30	180.00	38	228.00	78	468.00
4. <i>Sampaguita</i>	10.00	18	180.00	28	280.00	40	400.00	86	460.00
5. <i>Gumamela</i>	10.00	15	150.00	25	250.00	36	360.00	76	1,155.00
6. <i>Rosal</i>	12.00	10	120.00	28	336.00	34	408.00	72	864.00
Kabuuang Bilang at Halaga			P906.00		1,851.00		2,434.00		5,186.00

Upang malaman nina Mang Jose at Aling Yolie ang kanilang tubo o kinita, gumawa rin sila ng buod na talaan ng gastos at kita.

Ito ang ginawa nila.

<b>Kabuuang Gastos at Kinita</b>			
Panahon ng Pagtanim	Kabuuang Benta	Kabuuang Gastos	Kabuuang Kita o Tubo
Una	P 906.00	P 200.00	P 706.00
Pangalawa	1,851.00	305.00	1,546.00
Pangatlo	2,434.00	447.50	1,986.50
Kabuuan	P 5,191.00	P 682.50	P 4,238.50

Nakita na ng mga bata ang talaan ng gastos at kinita sa halamang ornamental/namumulaklak. Ipasagot ang sumusunod na mga tanong:

1. Anu-anong mga bagay ang binili nina Mang Jose at Aling Yolie nang magsimula sila sa paghahalaman?
2. Anong buwan ang may pinakamalaking benta? Pinakamababang benta?
3. Sa palagay mo bakit nakapagtakda sila ng mataas na presyo sa kanilang mga halaman?
4. Sa anong bagay sila may malaking gastos?
5. Anong halaman ang may pinakamataas na presyo?
6. Ano ang masasabi mo sa kanilang kinita?

Sa kabuuang kita nila, naisip ng mag-asawa na ideposito sa isang bankong pang-kooperatiba ang 20% nito. Pumunta sila sa bangko at binigyan sila ng Deposit Form.

Tuwang-tuwa ang mag-asawa na makapaglagak sila ng pera sa bangko.

### **Pangwakas na Gawain**

Paglalahat

Itanong sa mga bata na batay sa nakita nilang talaan ng gastos at kita, anong kaisipan ang maaari nilang mabuo?

- Ang masinop na pag-iingat ng talaan ng gastos at kinita ay makatutulong upang malaman ng nagnenegosyo kung siya ay kumita o tumubo. Malalaman din niya ang panindang kumikita at di-kumikita.
- Ang perang kinita ay dapat pahalagahan sa pamamagitan ng paglalagak nito sa bangko.

## Paglalatap

Ipagawa mo ito sa mga bata:

Pangkatin ang mga bata sa apat. Sabihin: May apat na tumpok ng pera dito sa mesa. Bawat lider ay kumuha ng pera at mag-isip kayo ng negosyo na dapat ninyong paglaanan ng pera. Gumawa ng talaan ng gastos at kung magkano ang maaaring kitain ninyo. Itala rin ang gagawin ninyo sa kita at kung magkano ang ilalagak sa bangko. Kumuha rin sa mesa ng isang deposit slip at punan ng mga mahahalagang impormasyon sa ilalagak ninyong pera.

## Pagtataya

1. Ang sumusunod na datos ay gastos at kinita nina Mang Mike at Aling Mareng sa kanilang paghahalaman. Alamin ang kanilang kinita o tinubo sa pamamagitan ng paggawa ng talaan ng gastos at kita o tubo.

### Gastos:

Abril	P486.00
Mayo	378.00
Hunyo	655.50
Hulyo	796.75
Agosto	587.50

### Pinagbilhan o benta

Abril	P1,896.00
Mayo	2,279.00
Hunyo	3,645.00
Hulyo	4,124.00
Agosto	4,010.00

### Takdang Aralin

1. Gumawa ng talaan kung ano ang gagawin sa kinita. Kung maglalagak sa bangko, punan ng impormasyon ang deposit slip.

Deposit Slip			
<input type="checkbox"/> Cheque	Account Name:		Date:
<input type="checkbox"/> Savings	Card/Account Number <div style="border: 1px solid black; display: inline-block; width: 100px; height: 20px; margin-top: 5px;"></div>		Cash:
<input type="checkbox"/> Credit	Cheque No.	BSB No.	Cheque Drawer      Amount
	Paid in by: (Signature)		Total

2. Makipagpanayam sa isang magsasaka o maghahalaman. Igawa ng talaan ang gastos at kita niya batay sa datos na iyong nakuha. Sundin ang pamaraang natutunan. Itanong mo rin sa kanya kung paano niya iniingatan ang kanyang kita.

### Aralin 8: Wastong Paraan ng Pamimili ng Pagkaing Kailangan

**Batayang Mensahe:** Ang mahusay na pagbabadyet ay nakatutulong sa maayos na pangangasiwa ng napagkukunan

**Batayang Pagpapahalaga:** Mahusay na Pagbabadyet

**Bilang ng Araw sa Pagtatalakay:** 2 araw

#### Layunin:

- Naisasagawa ang wastong paraan ng pamimili ng pagkaing kailangan

#### **Paksang Aralin:** Wastong Paraan ng Pamimili ng Pagkaing Kailangan

**Batayang Mensahe:** Ang mahusay na pagbabadyet ay nakatutulong sa maayos na pangangasiwa ng napagkukunan

**Sanggunian:** PELC V 2.1.3.4


Kagamitan: *circle graph, manila paper strips, larawan ng pangkat ng masustansyang pagkain, tape*

## Pamamaraan

Panimulang Gawain

Balik-aral

1. Subukin kung natatandaan ng mga bata ang mga pangkat ng masustansyang pagkain. Sa pamamagitan ng *circle graph*, sikaping masagot ng mga bata ang hinihinging konsepto. Sa ganitong paglalahad, naibigay nila ang kabuuan ng nakaraang aralin.



Sikaping maisagot ng mga bata ang:

- a. Tagapagbigay ng Init at Lakas ng Katawan at ilang halimbawa.
- b. Tagpagbuo ng Katawan (mga halimbawa)
- c. Tagapagsaayos ng Katawan (mga halimbawa)

## Pagganyak

1. Ilahad ang kwento tungkol kina Aling Greta at Aling Marjorie.

### SI ALING GRETA AT SI ALING MARJORIE


Madalas magkasabay na mamalengke ang magkapitbahay na sina Aling Greta at Aling Marjorie. Si Aling Greta ay mahilig bumili ng mga pagkaing de lata tulad ng sardinas, ham, *corned beef*, at iba pang pagkaing madaling iluto. Si Aling Marjorie naman ay nakagawiang bilhin ang mga pagkaing nakatala sa kanyang listahan. Sa listahan ng bibilhing pagkain, hindi nawawala ang mga mura at masusustansyang pagkain gaya ng isda, petsay, talong, kalabasa, at kamatis.

2. Ipasagot sa mga bata ang tanong:
  - a. Sa iyong palagay, sino sa dalawang magkapitbahay ang matalinong mamimili ng pagkain? Ipaliwanag kung bakit.

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Ipakita ang larawan ng dalawang pangkat ng pagkain (Tingnan sa apendiks 1.)





2. Pumili ng tatlo o apat na bata na maaaring maghambing sa dalawang pangkat ng pagkain. Sikaping masagot o mailahad ng mga bata ang sagot sa sumusunod na mga tanong:
  - a. Alin sa dalawang pangkat ng pagkain ang madaling bilhin? Bakit?
  - b. Alin sa dalawang pangkat ng pagkain maaaring makatipid? Bakit?

Tiyaking nakikinig ang ibang mga bata habang naglalahad ang inatasang mga bata.

### Pagtalakayan

1. Bigyan ang bawat bata ng strips ng *manila paper* at pasulatin sila ng isang pangungusap tungkol sa kanilang pinakamahalagang obserbasyon sa mga mamimili sa palengke.
2. Sabihin sa mga bata: Idikit sa pisara ang inyong naisulat na mga obserbasyon. Sabihin kung ito ay nakasagot sa sumusunod na tanong: (Isa-isang babasahin ang mga tanong.)
  - a. Upang makatipid sa oras at pagod, at hindi magpabalik-balik ang mamimili, ano ang kanyang inihanda o dala?
  - b. Upang makasiguro na may sustansya ang mga pagkaing bibilhin, anong mga pagkain ang binibili ng mga mamimili?
  - c. Upang makatipid pa rin, anong mga pagkain ang kanilang pinipili napapanahon ba o hindi napapanahong mga pagkain?
  - d. Ano ang reaksiyon ng mga mamimili tungkol sa mga patalastas at pananalita ng mga tintera?
  - e. Kapag tinitimbang ang mga pagkaing binibili, ano ang dapat gawin ng mga mamimili?
3. Ipadikit din sa pisara ang mga *paper strips* na hawak pa ng mga bata na hindi nakasagot sa mga tanong.
4. Tulungan ang mga bata na mabuo ang isang konsepto tungkol sa kanilang mga sagot.

### Inaasahang Konsepto:

- Ang mahusay na mamimili ay isinasaisip ang mga batayan upang maging maayos at mabuti ang lahat ng mga kailangang bilhin.

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Tulungan ang mga bata na buuin ang kaisipan tungkol sa mga dapat tandaan sa wastong paraan ng pamimili ng pagkain sa pamamagitan ng pagsasaayos ng cartolina strips na nakalagay sa *pocket chart*.

Mga inaasahang kaisipan:

Mga Dapat Tandaan sa Wastong Paraan ng Pamimili ng Pagkain

- a. Maghanda ng listahan/talaan ng bibilhin upang makatipid sa oras at pagod.
- b. Isaalang-alang ang sustansya ng pagkaing bibilhin.
- c. Bumili ng pagkaing napapanahon.
- d. Huwag magpadala sa mga patalastas at pananalita ng tindera.
- e. Bumili ng maramihan kung kinakailangan at bantayan ang pagtitimbang.
- f. Bumili ng pagkaing tinitimbang at may laya kang makapamilya.
- g. Pumili ng maaaring maging suki sa palengke.

### Paglalatap

Ipabasa ang tugma:

Kung isasagawa ang pagsasapamilihan  
Pagbabadyet at ginawang listahan 'wag kalilimutan  
Bilhin lamang ang nakalista at kailangan  
Hustong pakinabang sa pinagkukunan ay makakamtan.

Itanong:

Ano ang ipinahihiwatig ng tugma?

## Pagtataya

Basahin ang bawat pangungusap. Lagyan ng tsek (/) ang nagpapahayag sa wastong paraan ng pamimili ng kailangang pagkain.

- \_\_\_\_\_ Bumili ng mga pagkaing napapanahon.
- \_\_\_\_\_ Maniwala sa mga patalastas.
- \_\_\_\_\_ Laging isaalang-alang ang sustansiya ng pagkaing bibilhin.
- \_\_\_\_\_ Maghanda ng listahan o talaan ng mga bibilhin.
- \_\_\_\_\_ Suriin ang mga pagkaing binibili.
- \_\_\_\_\_ Bumili ng maramihan kung kinakailangan.
- \_\_\_\_\_ Piliing mabuti ang mga pagkaing bibilhin.
- \_\_\_\_\_ Iwasang mamili sa maraming tao.
- \_\_\_\_\_ Unahing bilhin ang mga personal na pangangailangan.
- \_\_\_\_\_ Bumili ng mga pagkaing tinitimbang.

## Takdang Aralin

Sumama sa iyong Nanay mamalengke. Tingnan kung nasusunod niya ang wastong paraan ng pamimili ng pagkain. Lagyan ng tsek (✓) ang angkop na sagot sa iyong naobserbahan sa bawat aytem.

Aytem	Nasunod	Di-nasunod
1. Isinaalang-alang ang sustansiya ng napiling pagkain.		
2. Mayroong nakahandang listahan ng mga pagkaing bibilhin.		
3. Hindi pinapansin ang mga patalastas at mga pananalita ng tindera.		
4. Bumibili sa mga pagkaing tinitimbang at may kalayaang mamili.		
5. Bumili ng maramihan kung kinakailangan.		
6. Isinaalang-alang ang pagtitipid sa mga pagkaing binibili.		
7. Bumibili sa kanyang mga suki.		

## Aralin 1 - Mga Kaalaman Sa Matalinong Pamimili

Batayang Mensahe: Ang bawat mamimili ay may karapatan sa tamang halaga, kalidad, timbang, bilang at iba pa.

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamatalino/Pagkamatipid

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 1 araw

### Layunin:

1. Nailalapat ang kaalaman sa matalinong pamimili
2. Napahahalagahan ang pagkakaroon ng kasanayan sa pamimili

**Paksang Aralin:** Matalinong Pamimili

Sanggunian: EPP 6 *Distance Education for Elementary Schools SIM (Module)*  
Agap at Sikap 6 - p. 168-169, PELC A 2.2.4

Kagamitan: larawan at tsart

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

### Balik-aral

1. Balik-aralan ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagbabalak ng pagkaing angkop sa ibat-ibang okasyon tulad ng mga sumusunod:

- uri ng pagtitipon/okasyon
- panahon/oras ng paghahanda
- dami ng bisitang darating
- mga taong kakain
- salaping gugugulin
- uri ng pagkaing ihahanda
- mga kagamitan/ kasangkapang gagamitin

**Pagganyak**

1. Pangkatin ang mga bata sa tatlong grupo at ilahad sa kanila ang isyung: Alin ang mas mabuting piliin ng pamilya ang mura, ang masarap, o masustansiyang pagkain?
2. Bigyan ng mga komiks strip ang mga bata na nagpapakita ng tagpo sa palengke. Halimbawa:



**Panlinang na Gawain**

1. Ipaliliwanag ng bawat pangkat ang komiks strip na naibigay sa kanila sa pamamagitan ng pagsagot sa tsart.

Pinag-uusapan	Suliranin	Solusyon

2. Hayaang ipaliwanag ng bawat pangkat ang kanilang mga sagot sa tsart.
3. Pag-usapan kung bakit kailangang suriin ng mamimili ang kanyang mga binibili. Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng kaisipan na ang bawat mamimili ay may karapatan sa tamang halaga, timbang, bilang at iba pa.
4. Magpakuwento sa mga bata ng mga karanasan nila sa pamamalengke na kasama ang nanay nila. Ipalarawan kung paano mamili ang kanilang nanay.
5. Itanong sa mga bata kung sila ay uutusang mamili, paano sila pipili ng kanilang mga bibilhin.  
(Isulat sa pisara ang mga sagot ng bata)
6. Mula sa sagot ng mga bata, ilahad ang mga gabay sa matalinong pamimili.


### **Gabay sa Matalinong Pamimili**

- a. Gumawa at ihanda ang talaan/listahan ng lahat na mga pamimilihin upang hindi magpabalik-balik manapa'y makatitipid sa oras at lakas.
- b. Alamin ang mga pangpalit sa mga bibilhing hindi matatagpuan agad.
- c. Bilhin ang mga pagkaing mura, masustansiya at napapanahon.
- d. Huwag magpadala sa mga *advertisement* at pananalita ng tindera.
- e. Bumili ng sapat lamang sa pangangailangan pero bumili nang maramihan kung kinakailangan. Mas makatitipid kung pagkaing tinitimbang, *per* dosena o *per* daan ang bibilhin.
- f. Bantayang mabuti ang mga pagkain o anumang bibilhin sa baratilyo at nakatumpok. Siguraduhing bago at sariwa ang mga ito.
- h. Pumili ng maaaring maging suki sa palengke na maaaring pagkatiwalaan na malinis/sariwa ang kanilang paninda at husto ang kiluhan o pagbilang. (Papag-aralan din ang mga tuntunin sa pamimili ng iba't ibang uri ng pagkain na nasa pahina 168-169 ng Agap at Sikap 6)

## Pangwakas na Gawain

### 1. Paglalahat

Gumamit ng *Semantic Webbing* sa pagbubuo ng paglalahat. Pagpangkat-pangkat ang mga bata.



### 2. Paglalapat

- A. Pangkatin ang mga bata sa apat na pangkat. Ang bawat pangkat ay magsasadula ng isang tagpo na nagpapakita ng matalinong pamimili. Tanungin ang mga nanood kung anong "*insight*" o kabatiran ang nakuha nila.

3. Pagpapahalaga

Anong magandang naidudulot ng matalinong pamimili?

Lumikha ng maikling rap ukol dito.

**Pagtataya**

Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga sumusunod ay mga katangian ng sariwang isda maliban sa isa.
  - a. Mapula ang hasang
  - b. May masamang amoy
  - c. Kapit na kapit sa balat ang kaliskis
  - d. Malinaw ang mga mata
2. Inutusan ka ng nanay mo na bumili ng karneng baboy, ano ang hindi mo pipiliin sa mga sumusunod?
  - a. Maitim ang kulay ng laman
  - b. Maputi ang kulay ng taba
  - c. Walang masamang amoy
  - d. May tatak na nasuri ito ng pamahalaan
3. Alin sa mga sumusunod ang magandang katangian ng itlog?
  - a. Naaninag ang pula kapag itinapat sa liwanag
  - b. Magaan
  - c. Walang amoy
  - d. Magaspang ang balat
4. Alin ang mainam na bilhing gulay at prutas?
  - a. Maraming mga pasa o bahaging malambot
  - b. Matingkad ang kulay
  - c. Malambot ang laman
  - d. Hindi pantay ang pagkahinog
5. Kung bibili ka ng karne na baka, alin ang pipiliin mo?
  - a. May di kanais-nais na amoy
  - b. Maitim ang laman
  - c. Matigas ang laman
  - d. Mamula-mula ang laman



## Takdang Aralin

Sumama sa iyong Nanay sa palengke. Subukang mamili ng pagkain at ilapat ang lahat ng natutuhan ukol sa matalinong pamimili. Itala kung saan-saan mo nagamit ang pagiging matalinong mamimili.

---

### Aralin 2 - Wastong Paraan ng Pagbibili Ng Mga Tanim

Batayang Mensahe: Ang pagiging entrepreneur ay nangangailangan ng pagkamalikhain

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamalikhain, mahusay na entrepreneur

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 1 araw

**Layunin:** Naipakikita ang wastong paraan ng pagbibili ng mga tanim sa narseri.

**Paksang Aralin:** Paraan Ng Pagbibili Ng Mga Tanim,

Sanggunian: Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan  
p. 103 -104, BEC/PELC - B. 2.6

Kagamitan: Iba't-ibang uri ng punla/tanim, larawan, *job-cards*, *strips of cartolina*

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

Balik-Aral

1. Balik-aral sa ginawang pangangalaga sa mga punla/tanim sa loob ng narseri.

Pagganyak

*Role Playing:*

### ANG NARSERI NI ANA

Mga Tauhan: Ana, Paula, Mang Tomas, Jose

Paula : Wow! Ana, ang gaganda at ang lulusog ng mga punla at lumalaking halaman mo.

- Ana : Siyempre, parati ko yata iyan dinidiligan at inaalagaan.  
Jose : Maaari na ba akong makabili ng iyong mga tanim?  
Ana : Meron diyan na maaari nang ipagbili.  
Paula : Paano mo ba malalaman na maaari nang ipagbili ang mga iyan?  
Ana : Aba, ang tindig ng punla ay dapat tuwid, ang mga dahon ay malago at luntian.  
Jose : Naku, kaya ako naengganyo sa pagbili ng tanim mo ay dahil sa kaanyuan at ang paraan ng pagkapunla, sa madaling salita ang panlabas na itsura ng mga ito.  
Mang Tomas : O, Ana, ano pa bang mga tanim sa narseri mo ang idedeliber ko. Maraming nagtatanong sa palengke.  
Ana : Opo, narito at inaayos ko na po.

### Panlinang na Gawain: "Brainstorming"

#### Paglalahad

1. Pag-aralan itong larawan ng bawat pangkat.

Piliin dito ang tamang sagot.



1. Nagtitinda ng mga punla ang mga batang mag-aaral.
2. Naglalaro ang mga batang mag-aaral sa tindahan.
3. Natutulog ang babae sa palengke.
4. Nagbibilang ng kinita sa pinagbilhang punla.
5. Nanonood lamang sila.

#### Pagtatalakayan

1. Gawin ito:

#### **JOB CARD**

- a. Gagawa ang pangkat ng maikling kuwento mula sa mga tanong sa ibaba.
  - Saan mo gustong magtayo ng tindahan para sa punlang ipagbibili?
  - Paano mo ma-eengganyo na bumili ang mga taong dumadaan sa iyong lugar?
  - Ano ang gagawin mo pag naubos ang panindang punla?

## Pangwakas na Gawain

Paglalahat

Pakikinig sa binuong kuwento ng bawat pangkat.

1. May 6 na *strips ng cartolina* sa mesa, kunin at bumuo ng pangungusap tungkol sa isinagawang kuwento.

Tagumpay	ang	isang	gawain	kapag	malikhain
----------	-----	-------	--------	-------	-----------

2. Ipaliwanag ang nabuong pangungusap.

Pagpapahalaga

Ipaliwanag ang kaugnayan sa pagkamalikhain sa pag-eentreprenur.

## Pagtataya

1. Ang sumusunod ay dapat isaalang-alang sa pagbibili ng mga pananim. Alin ang hindi dapat?
  - a. Ang tindig ng tanim ay tuwid.
  - b. Ang mga dahon ay malago.
  - c. Maganda ang kaanyuan ng tanim.
  - d. Ang mga dahon ay lanta na.
2. Alin sa mga ito ang nakatutulong sa pagdagdag ng kita ng isang mag-anak?
  - a. pagtitinda ng mga halaman
  - b. pagbabasa ng pahayagan
  - c. panonood ng palabas
  - d. pagsama sa mga barkada
3. Paano makatutulong sa mag-anak ang pagkakaroon ng mga panindang pananim?
  - a. nakadaragdag ng kita
  - b. nagkakaroon ng magandang libangan
  - c. nagtutulongan ang bawat kasapi ng pamilya
  - d. lahat ng nabanggit

## Takdang Aralin

Bakit dapat sundin ang mga alituntunin sa pagbibili ng mga tanim? Paano ito makatutulong sa mag-anak?

---

### Aralin 3: Pagtutuos/Pagkukuwenta ng Pinagbilhang Produkto

Batayang Mensahe: Ang mahusay na pagbabadyet ay nakatutulong sa maayos na pangangasiwa ng napagkukunan (*resources*)

Batayang Pagpapahalaga: Pagiging masinop sa pagbadyet

Bilang ng Araw sa Pagtatalakay: 1 araw

#### Layunin:

1. Naisagawa nang maingat ang pagtutuos/pagkukuwenta ng pinagbilhang produkto galing sa alagang hayop

#### Paksang Aralin:

Pagtutuos/Pagkukuwenta ng Pinagbilhang Produkto Galing sa Alagang Hayop

Sanggunian: Agap at Sikap 6 - p. 169-171; (BEC/PELC B 3.6)

Kagamitan: Modelong talaan, kuwaderno at lapis, larawan

#### Pamamaraan

Panimulang Gawain

1. Naisagawa ba ninyo ang takdang aralin? Nakapagmasid ba kayo ng pagbibili o pagbebenta ng mga produkto galing sa alagang hayop?
2. Nang magmasid kayo sa palengke, napansin ba ninyo itong mga bahagi ng baboy? Piliin ang tamang titik ng salita na tugma sa larawan.



- a. pata
- b. paa
- c. pamalo
- d. hita



- a. ulo
- b. kostilyos
- c. tadyang
- d. liempo



- a. mga gulay
- b. atay
- c. puso
- d. mga laman loob

### **Panlinang na Gawain:** Pangkatang Gawain

1. Pamamahagi ng *Job Card Activity* sa bawat pangkat
2. Paghahanda ng kuwaderno at lapis
3. Basahin at pag-usapan ang nakasaad sa *Job Card*.

### ***Job Card Activity***

Handa nang maibenta ang tatlong patabaing baboy nina Ana. Kinatay nila lahat upang maipagbili sa palengke nang tingian. Habang pinalalaki ang mga baboy, may binalak silang gawin upang makasagot sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Kung ang pangkat ninyo ay ganito ang sitwasyon, paano ninyo ito reresolbahin?

- a. Itala ang mga napag-usapan. Huwag kalimutan na pag-usapan ang mga ginastos sa pag-aalaga at ang halaga ng pinagbentahan?
- b. Sagutin ang tanong na ito:

Paano mo gagamitin ang tinubong halaga galing sa pinagbentahan ng baboy?

Maaaring kasagutan ng pangkat.

Uri ng baboy	Bilang ng baboy	Mga Nagastos				Halaga ngBenta	Pakinabang
		Biik	Pagkain	Gamot	Kabuuan		
Landrace	3	P3,000.00	P2,500.00	P150.00	P5,650.00	P10,500.00	P4,850.00

Uri ng baboy	Landrace
Bilang	3
Mga Nagastos	
Biik (P1,000/isa)	P3,000.00
Pakain	2,500.00
Gamot	150.00
Kabuuang	P5,650.00
Kinita (P3,000/isa)	P10,500.00
Tinubo	P4,850.00

3. Pag-uulat ng bawat pangkat batay sa sumusunod na tanong:
  - a. Magkano ang kabuuang halaga ng 3 baboy?
  - b. Magkano ang kabuuang halaga ng mga nagasto sa pagpapalaki ng baboy?
  - c. Magkano ang kabuuang halaga ng kanilang pagbebenta?
  - d. Magkano naman ang kanilang tubo o pakinabang?

### Pangwakas na Gawain

Paglalahat:

Gabayan ang mga bata na maipaliwanag ang kahalagahan ng mahusay na pagbabadyet para masiguro ang tubo.

Paglalapad:

Si Mar ay nagbenta ng baboy sa halagang P5,000. Siya ay may pakinabang na P1,200. Ano sa palagay ninyo ang mabuting gagawin ni Mar sa kanyang kinita upang lalo itong lumago?

### Pagtataya

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Si Fred ay nag-aalaga ng baboy. Ang halaga ng lahat ng nagastos niya sa pag-aalaga ay P1,800. Ito ay kanyang ibenenta sa halagang P2,300. Magkano ang kanyang kinita?

2. Si Nilo ay mayroong maliit na manukan. Siya ay nagkagasta ng P3,000 para sa mga sisiw, pagkain, gamot at kulungan. Magkano niya dapat ibenta ang mga manok upang magkaroon siya ng pakinabang na P800?

### Takdang Aralin

Gumawa ng talata sa bahay tungkol sa kahalagahan ng mabisa at mahusay na pangangasiwa ng pinagkukunang yaman.

---

### Aralin 4 - Mga Salik sa Pagtatatag ng Tindahang Kooperatiba

Batayang Mensahe: Mahalaga ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhatan

Batayang Pagpapahalaga: Pagiging masikap at matulungin

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 1 araw

#### Layunin:

- Natatalakay ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagtatatag ng tindahang kooperatiba

**Paksang Aralin:** Pagtatatag ng Tindahang Kooperatiba

Sanggunian:	Agap at Sikap 6 p. 270-271 Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhatan p. 272-273 BEC/PELC D.1.1
-------------	--

Kagamitan: larawan, tsart, *flash cards*, *crossword puzzle*

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

1. Ipakita ang "puzzle" at hayaan ang mga bata na bumuo ng mga salita.

K	C	E	T	W	B	A	N	G	K	O	V
O	T	R	U	A	C	D	S	U	T	A	N
O	I	B	B	C	E	F	G	K	H	A	I
P	P	J	O	K	M	L	U	O	N	N	Q
E	I	R	T	S	W	D	X	U	Z	Y	R
R	D	B	C	E	O	D	H	F	H	J	G
A	L	K	A	R	B	U	D	B	A	C	J
T	Q	H	P	S	P	T	R	P	E	R	A
I	N	T	E	R	E	S	A	E	I	O	U
B	B	C	D	F	H	G	I	P	O	N	X
A	K	E	P	E	A	O	V	R	Q	W	Y
E	N	T	R	E	P	R	E	N	U	R	Z

(Mga sagot para sa guro)

Kooperatiba, tipid, tubo, bangko, interes, entrepreneur, produkto, puhunan, pera, ipon

2. Iparinig ang isang kuwento tungkol sa isang matagumpay na pagtatatag ng kooperatiba.

(Babasahin ng guro habang nakikinig ang mga bata)  
Si Gng. Acosta at ang *Master's Garden*  
(Tingnan sa huling pahina ng Banghay Aralin)

3. Magtanong ukol sa kuwento

- a. Tungkol saan ang kuwento?
- b. Saan ito nangyari?
- c. Ano ang naging problema ni G. Acosta noong siya'y nagpapasimula sa kooperatiba?
- d. Paano siya nagtagumpay sa kanyang negosyo?
- e. Anu-anong pakinabang ang nakuha niya at ng kanyang mga kasamahan sa pagtatag ng kooperatiba?



Panlinang na Gawain

1. Pagpangkat-pangkatin ang mga bata at ang bawat pangkat ay bubuo ng mga plano sa bubuun nilang isang negosyo. Ipalagay sa manila paper ang sagot ng bawat pangkat.
2. Pag-usapan ang mga sagot ng mga bata hanggang sa malinang ang mga tuntunin sa pagtatatag ng kooperatiba.
3. Ilahad ang mga tuntunin sa pagtatatag ng kooperatiba at ihambing ito sa mga sinagot ng mga bata.

Mga Salik na Dapat Isaalang-alang sa Pagtatatag ng Kooperatiba

1. Lugar - ang lugar na pagtatayuan ng tindahan ay dapat na matao upang makaasa ng pagtangkilik sa itatayong kooperatiba.
  2. Puhunan - ito ang halagang malilikom mula sa mga kasapi. Ang kooperatiba ay nangangailangan ng sapat na puhunan para matugunan ang mga pangangailangan ng mga kasapi.
  3. Kasapi - kailangan ang mga kasaping matapat, matulungin at masunurin sa lahat ng napagkasunduan.
  4. Mamimili - ang mga mamimili ay maaaring kasapi o di-kasapi ng kooperatiba ngunit ang mga kasapi ay may karapatang mamili ng ibig niyang bilhin.
  5. Pamamaraan ng Pagtitinda at Pamimili - tingian o pakyawan
4. Magpagawa ng plano sa bawat pangkat sa itatatag nilang kooperatiba na sinusunod ang ganitong ayos:

<b>Pangalan ng Kooperatiba: Mga Kasapi:</b>	
<b>Mga Salik</b>	<b>Mga Hakbang na Gagawin</b>
Lugar	
Puhunan	
Kasapi	
Mamimili	
Pamamaraan ng Pagtitinda at Pamimili	

### Pangwakas na Gawain

- Paglalahat

Ipapaskil sa pisara at ipaliliwanag ng bawat pangkat ang nagawang plano sa pagtatatag ng kooperatiba.

- Paglalapat

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng konsepto

- Mahalaga ang pagiging entrepreneur sa pag-unlad ng kabuhayan

- Pagpapahalaga

1. Kung ikaw ang papipiliin, sasali ka ba sa kooperatiba? Bakit?
2. Paano makatutulong ang pag-entrepreneur sa kabuhayan?

### Pagtataya

Kilalanin kung anong salik sa pagtatatag ng kooperatiba ang tinutukoy sa bawat bilang.

1. Halagang malilikom mula sa mga kasapi.
2. Pagtitinda ng kakaunti o maramihan.
3. Mga tatangkilik sa mga paninda ng kooperatiba.
4. Mga nagmamay-ari ng kooperatiba.
5. Pook na pagtatayuan ng kooperatiba.

### Takdang Aralin

Magsaliksik kung anong gawaing pangkooperatiba ang maaaring magawa ng iyong pamilya.

Kuwento:

### **SI G. ACOSTA AT ANG "MASTER'S GARDEN"**

"Bilang isang magsasaka, sa puso at diwa, aking laging hangarin na makapagpaani ng gulay na may pinakamagandang kalidad, mayaman sa bitamina at mineral. At ang tanging siguradong paraan para maka-ani ng malulusog na gulay ay sa paggamit ng organik na pamamaraan." Ito ang kuwento ni G. Acosta, na nagtayo ng maliit na taniman na pinangalanang "Master's Garden" sa Barangay Pinalyok, Puguis, La Trinidad. Ayon kay G. Acosta, hindi sila gumagamit ng artipisyal na pataba at panlaban sa peste. Sa halip mga natural na pamamaraan ang ginagamit nila tulad ng crop rotation o pagpapalit-palit ng mga tanim, crop residue o mga tira-tirang bahagi ng halaman, dumi ng hayop, mga organik na basura at mga batong may mineral. Sa ganitong paraan, malulusog na ang mga naaaning gulay at ligtas pa sa kemikal ang kakain nito. "Masaya ako na marami akong naging pakinabang mula sa maliit na puhunan at napoprotektahan pa ang ating kapaligiran," dagdag pa niya.

Pagkatapos ng pitong taon ng operasyon, mayroon pa rin silang naging problema. Hindi sigurado ang mga tao kung talagang organik ang kanilang produkto. Ngunit dahil sa kanilang pagtutulungan, sipag at tiyaga ay naging matagumpay din sila. Dito nagsimula ang "La Trinidad Organic Practitioners Multipurpose Cooperative (LaTop - MPC) para sa magkasamang sistema ng pagtitinda at pamamahagi ng teknolohiya.

Ang kooperatiba ay nagbibigay ng kurso sa pagsasanay sa organik na paghahardin sa mga may interes. Ang mga aralin ay ukol sa organik na paghahardin, pagkokompos, at paghahardin sa isang lalagyan.

Patuloy ang pag-unlad ng kanilang kooperatiba at palaki nang palaki ang kanilang tinutubo o kinikita. Natutulungan nito ang kanilang pamilya, ang komunidad at ang bansa.

### **KAHULUGAN, LAYUNIN, AT KAHALAGAHAN NG KOOPERATIBA**

Mapapansin ngayon na ang buhay ng tao ay pahirap nang pahirap, at ang halaga ng mga bilihin ay pataas nang pataas. Ang kita ng mag-anak ay halos hindi na magkasya sa pang-araw-araw na pangangailangan. Dahilan sa kahirapan ng buhay sa ngayon, nararapat lamang na mag-isip ang mga tao ng mga paraan kung paano malulunasan ang kasalukuyang suliranin. Ang bawat kasapi ng mag-anak ay dapat magtulung-tulong upang madagdagan ang kinikita ng mag-anak.

Ang isang paraan na maaaring gawin ng mag-anak ay sumapi o dili kaya ay magtatag ng kooperatiba sa kanilang pamayanan. Ano nga ba ang kooperatiba? Paano ito itinatag? At ano ang layunin nito?

Ang *kooperatiba* ay isang samahan kung saan ang nagmamay-ari ay ang mga kasapi nito. Ang pamamahala ay ginagampanan ng lahat ng kasapi. Ang tubo o kita ay hinahati-hati ayon sa bilang ng sosyo o sapi (*share*) at serbisyong ipinagkakaloob ng bawat kasapi.

Sa *kooperatiba*, ang halaga ng lahat ng nalikom na sosyo (*share*) ang nagsisilbing puhunan o kapital. Ang puhunang ito ang siya namang ipinambibili ng mga paninda kung tindahang kooperatiba o ipinahihiram kung *credit union* ayon sa uri ng kooperatibang itinatag.

Ang mga kasapi ng kooperatiba ay nagtutulungan sa pagtukoy ng mga pangangailangan ng mga kasapi. Ang bawat isa ay binibigyan ng tungkulin o bahaging gagampanan ayon sa kanyang kakayahan.

Ang tindahang kooperatiba ang pinakakaraniwang itinatag ng mga mag-anak sa pamayanan. Ang pangunahing layunin nito ay makapaglingkod at mapagbili ng mataas na uri ng paninda sa mababang halaga sa kanyang mga kasapi. Naglalayon din itong makapagbigay ng hanapbuhay para sa kasapi, ng pagkakataon para sa maliit na mangangalakal, tumubo at makapagbigay ng dibidendo para sa mga kasapi.

Ang pagtangkilik ng mga kasapi ng tindahang kooperatiba ang siyang nagpapalago o nagpapalaki ng kita o tubo na siya naging hinahati-hati bilang dibidendo sa katapusan ng taon o sa takdang panahong napagkasunduan ng lahat ng kasapi.

## **Aralin 5 - Pinagmumulan ng Puhunan at Kung Paano Magkakaroon ng Pera**

Batayang Mensahe: Ang inutang ay dapat gamitin sa kapaki-pakinabang na layunin

Batayang Pagpapahalaga: Responsableng Pangungutang

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 2 araw

### **Layunin:**

- Naipapaliwanag ang pinagmumulan ng puhunan at kung paano nagkakaroon ng pera.

### **Paksang Aralin:**

Pinagmumulan ng Puhunan at Kung Paano Nagkakaroon ng Pera

Sanggunian: *EPRA leaflet*  
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhasan  
p. 271-285

Kagamitan: papel at lapis, pisara at *chalk*, mesa, silya at *Job Card Activity*

### **Pamamaraan**

#### **Panimulang Gawain**

##### 1. Pagbabalita

Magandang umaga po, ito po si Emong na nag-uulat.

May grupo ng kabataan na nais magtayo ng gawaing pagkakakitaan, ito ay ang tindahang kooperatiba. Sa kagustuhang matulungan ang naghihirap na magulang, naisipan ng mga ito na maglikom ng sapat na pera bilang puhunan na mula sa kanilang pang-araw-araw na baon. Pagkalipas ng ilang buwan, nakapag-impok sila ng halagang P600.00. Nagpulong ang lahat ng kasapi at pumili ng mamumuno. Sa ngayon mukhang maganda ang takbo ng kanilang tindahan. Kaya nananawagan ako sa iba pang kabataang nais matulungan ang magulang na makipagkita lamang po kina Ana at grupo nila. Ito po si Emong, na nagpapaalam sa inyo.

Mga tanong:

1. Tungkol saan ang balita?
2. Sino ang may nais magtayo ng gawaing pagkakakitaan?
3. Bakit naisipan nilang magtayo ng pagkakakitaan?
4. Saan manggagaling ang P600.00 na perang naimpok?
5. Ano ang panawagan ng tagabalita?


2. *Panel Discussion*

1. Magkakaroon tayo ng panel discussion at ang tatalakayin ay ang pagtatayo ng negosyo. Tatalakayin dito ang pagbubukas, pamamalakad at kung paano maibabalik ang naging puhunan.
2. Pagtatakda ng Puno ng Talakayan at labing dalawa (12) pang magsisilbing miyembro ng panel.
3. Ayusin ang bahaging harap ng silid-aralan nang pa- "*U-shape*" na ang pinuno ay nakaupo sa gitna at nakapaligid sa kanya ang kanyang mga miyembro.
4. *Job Card Activity* - balangkas ng pag-uusap sa panel

Paksa: Pagmumulan ng puhunan o pera at kung paano ito maibabalik

- a. pangalan o uri ng negosyo
- b. sukat ng negosyo
- c. bilang ng taong sasanib sa negosyo
- d. layunin ng negosyo
- e. panggagalingan ng puhunan o pera
- f. halagang kailangang malikom
- g. pamamaraan ng pag-nenegosyo

Halimbawa:



Pinuno : Narito tayo upang talakayin ang isang gawain na maaaring makatulong sa ating kabuhayan. Ano bang pangkabuhayan ang mainam nating itayo?

Miyembro : Maaari tayong magtayo ng negosyo gaya ng tindahang credit union, pananahi, pagtatanim, pagrereserba ng pagkain o pag-aalaga ng hayop pang-agrikultura.

Pinuno : (Pipili mula sa miyembro ng tagatala ng pinag-usapan) Pag-usapan natin ang uri ng negosyong nais magkaroon. (Dito magkakaroon ng iba ibang opinyon at katwiran hanggang mapagkasunduan ang detalye)

Pinuno : Maliwanag na ba ito sa lahat? Ang sukat o laki ng gagawing negosyo. (Kung napagkasunduan ay tindahan, pag-uusapan ang lugar na pagtatayuan, sukat ng lugar)

Sa ngayon ay 13 lamang tayong interesado, hinihiling ko sa inyo na mag-imbiba pa kayo ng ilang interesado sa ating gawaing mapagkakakitaan.

Pag-usapan din ang layunin ng negosyo. Bakit ba tayo nagtatayo ng ganitong gawaing mapagkakakitaan?

Talakayin naman natin ngayon ang gagamiting pondo, puhunan o pera. (Hihilingin sa sekretarya na itala ito sa pisara). Hindi natin mabubuksan ang tindahan ng ating negosyo kapag wala tayong pera o puhunan. Pag-usapan natin ito.

(Magkakaroon dito ng iba-ibang panukala at palitan ng kuro-kuro, pero ang kabuuan nito ay sa pangungutang ang mapagkakaisahan).

- ambagan
- paluwagan
- utang
  
- bangko
- kooperatiba
- pribado

O sige, saan kaya tayo maaaring makautang? May alam ba kayong bangkong nagpapautang na may mababang interes?

Napagkasunduan na ang pangungutang ay sa isang kooperatiba dahil dito ang may pinakamababang interes at magaan ang pagbabalik ng inutang na puhunan.

Magkano naman ang ating uutangin?

Miyembro : Alamin muna natin ang halaga ng pagtatayo ng tindahan na gagastusin.

Pinuno : Sang-ayon ako riyan, kayo sumasang-ayon din? Gaano kalaki ba ang maaari nating maumpisahang sukat ng tindahan. (Pag-usapan ito at magkakasundo sa halagang P60,000.00 para sa pagtatayo lamang ng tindahan at laman nito)

Miyembro : Ang laman ng tindahan ay dapat alamin at naaayon sa pangangailangan ng mag-anak.

Pinuno : Iniaatas ko kay Mario at Ana na sila ang gumawa ng pag-aaral na ito tungkol sa pangangailangan ng mag-anak.

Ang pamamaraan ng pagnenegosyo ay dapat din nating pag-usapan. Paano ba natin ito maisasakatuparan?

Ganito ang gagawin natin:

Pipili ako ng makakasama sa pag-iimbentaryo. Ang pag-iimbentaryo ay gagawin natin araw-araw, lingguhan at buwanan. Kada buwan ay magpupulong tayo kasama ang iba pang kasapi ng negosyo. Dito ay ihaharap namin ang kabuuang pag-uulat para maliwanag na maiintindihan ng lahat ang takbo ng ating gawaing pangkabuhayan.

Miyembro : Sa mauutang na halaga, paano natin ito maibabalik?

Pinuno : Eto may inihanda akong tsart upang inyong makita ang kalakarang mangyayari. Pag-aralan ninyo ang talaan at tatalakayin natin bukas.



## Ikalawang Araw

**Talaan ng Binabalak na Negosyo**

A. Pinanggalingan at Paggagamitan ng Pera (Sources and Uses of Funds)	
1. Pinanggalingan - Kooperatiba	P60,000.00
2. Pinaggamitan	
a. Pagtatayo ng tindahan	30,000
b. Imbentaryo ng paninda	<u>30,000</u>
	0
B. Buwanang Ulat ng Kinita	P20,000.00
C. Mga Gastusin	
1. Loan Amortization	
a. Prinsipal (P60,000 ÷ 12 buwan)	P5,000
b. Interes 12% kada taon (P7,200 ÷ 12 buwan)	<u>600</u>
	5,600
2. Iba pang Pinagkakagastahan	
kuryente	P500
tubig	120
telepono	700
bayad sa buwis	<u>100</u>
	7,020
D. Buwanang Kita	
Buwanang Benta	P20,000
- Interes + Iba pang Pinagkagastusan	<u>7,020</u>
	<b>P12,980</b>

**Pangwakas na Gawain****Paglalahat**

1. Saan tayo maaaring makakuha ng puhunan sa ating gawain?
2. Paano mo gagamitin ang iyong puhunan sa iyong tindahan upang matiyak ang pagkakaroon ng kita?

## Pagtataya

Sagutin ang sitwasyon:

1. Nakautang ng halagang P10,000.00 ang grupo ng magsasaka. Babayaran ito sa loob ng anim na buwan, kung ang interes ay 1% kada buwan, magkano ang ibabayad mo sa pinagkautangan mo?
2. Kumita ng halagang P17,000.00 ang maliit na negosyong itinayo ninyo. Ibinawas ang halagang P11,000.00 para sa pinagkagastusan sa negosyo. Magkano ang tinubo ng inyong negosyo?

## Takdang Aralin

Gumawa ng isang panayam. Gamitin ang balangkas sa ibaba.

1. Anong uri ng negosyo ang iyong naisipan?
  2. Magkano ang kapital, kita at tinubo?
  3. Saan napupunta ang tinubong pera?
- 

## Aralin 6 - Paggawa ng Talatakdaan ng mga Gawaing Pantahanan at Pampaaralan

Batayang Mensahe: Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata, inaasahang may pag-unlad sa hinaharap

Batayang Pagpapahalaga: Pagkamatipid at Pag-iimpok

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 3 araw

### Layunin:

- Nakagagawa ng talatakdaan ng mga gawain sa maayos at matipid na pangangasiwa ng pinagkukunan at mga gawaing pantahanan/pamparaalan.

**Paksang Aralin:** Talatakdaan ng mga Gawaing Pantahanan at Pampaaralan

Sanggunian: Agap at Sikap d. 41-42  
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkalusugan  
p. 41-50, 53-55

Kagamitan: Modelong talatakdaan, tsart, larawan at *strips* ng *cartolina*,  
kwaderno at *ballpen*

## Pamamaraan

Panimulang Gawain

Pagganyak

1. Pagbalik-aralan ang mga paraan sa paggawa sa tahanan at pangangasiwa ng mga pinagkukunan ng kailangan.
2. Magsasalita ang guro:

Sabihin: Sa inyong tahanan, may pagkakataon bang nagkakainisan ang bawat kasapi dahil sa mga gawain sa bahay gaya ng paghuhugas ng pinggan? Maglaro muna tayo bago natin talakayin ang aralin.

3. Pagpangkat-pangkat ang klase at ipalinang ang mekaniks ng laro.

Mekaniks ng laro:

- a. Papilahin ang mga mag-aaral ayon sa pangkat.
- b. Isa-isang lalapit sa pisara ang mga kasapi ng pangkat upang magtala ng ibat-ibang gawaing pantahanan o pampaaralan.
- c. Titigil ang pagtatala hanggang sa takdang oras.
- d. Bibilangin ang mga naitalang gawain.
- e. Ang may pinakamaraming naitalang gawain ang panalo.

Mga Gawain	Araw-araw	Lingguhan	Buwanan
Sa Tahanan			
Sa Paaralan			

Ang pangkat ay makatatamo ng sumusunod na puntos ayon sa naitalang bilang ng gawain.

8 - 10 = pinakamagaling

5 - 7 = magaling

1 - 4 = di-gaanong magaling

#### Panlinang na Gawain

1. Panatilihing nakapangkat ang mga bata. Sa nilarong gawain na nakatala sa pisara, magmumula ang aralin.
2. Pag-aalis ng sagabal
  - talatakdaan
  - talatakdaang pansarili
  - talatakdaang pang mag-anak

### IKALAWANG ARAW

#### Pamamaraan

##### Panimulang Gawain

1. Ipalabas ang isinagawang pansariling talatakdaan na ginawa sa bahay. I-*exhibit* ang mga ito sa pisara.
2. Puzzle: Gawaing pang-mag-anak

May 6 na pirasong karton na may ibat-ibang hugis sa *puzzle*. Pagdikitin ito upang makabuo ng salita tungkol sa gawaing pang mag-anak.

Ano ang kahulugan ng nakasaad sa *puzzle*?

##### Panlinang na Gawain

1. Nakagawa na kayo ng pansariling talatakdaan at narito sa pisara ang mga pinagandang talatakdaan. Alam natin na ang paghuhugas ng pinggan ay isang gawaing karaniwang pinag-aawayan sa tahanan. Nalaman din ninyo na upang maiwasan ito, may talatakdaang dapat sundin sa inyong tahanan at dapat isakatuparan sa takdang oras at panahon

2. Itanong: Sinu-sino naman ang tumutulong sa iyo sa ibat-ibang gawain sa tahanan? Sipiin ang tsart at punan ng hinihinging datos ayon sa paggawa nito sa inyong tahanan.

**TALATAKDAANG PANGMAG-ANAK**

Mga Gawain	Araw-araw	Lingguhan	Buwanan	Taong gumagawa	Taong maaaring tumulong sa paggawa
1. Pagluluto	✓			Nanay	Tatay, ate, kuya o kasambahay
2.					
3.					
4.					
5.					

3. Ipagawa ito:

- a. Kumuha ng kwaderno at lapis.
- b. Itala ang mga gawaing pantahanan at pampaaralan ayon sa pormat.

**Talatakdaang Pansarili**

Mga Gawain	Araw-araw	Lingguhan	Buwanan

- c. Sa pamamatnubay ng guro, piliin sa mga naitalang gawain ang dapat isulat sa inihandang pormat.
- d. Lagyan ng tsek (✓) kung kailan ito isinasagawa.
- e. Maglaan ng limang minuto para sa gawaing ito.

**Pangwakas na Gawain**

1. Luulat ng lider ng pangkat ang natapos na gawain.
2. Itanong:
  - a. Paano nakatutulong sa iyo ang paghahanda ng sariling talatakdaan?

## Pagtataya

Sumulat ng maikling sanaysay tungkol sa pansariling talatakdaan at para sa iyong pamilya. Ipabasa ito sa magulang.

## Takdang Aralin

Sa malinis na kartolina, gawing malikhain ang bawat pangkat sa paghahanda ng talatakdaang pansarili upang magamit sa tahanan.

- a. Patnubayan ang mga pangkat sa pagbuo ng talatakdaang pang-mag-anak. Maglaan ng limang minuto sa gawain.

## Pangwakas na Gawain

1. Pumili ng isang kasapi na mag-uulat sa naisagawang gawain.
2. Itanong
  - a. Sinu-sino ang mga gumaganap sa mga tungkulin at gawain sa bahay/tahanan?
  - b. Nakatutulong ba ang ganitong paghahati-hati ng gawain? Paano?

## Pagtataya

Maghanda ng maikling dula-dulaan ang bawat pangkat ayon sa naisagawang talatakdaang pangmag-anak. (Limang minuto ang ilaan para sa paghahanda).

## Takdang Aralin

Lumikha ang bawat pangkat ng dalawang minutong awitin tungkol sa gawain sa tahanan o sa paaralan kaugnay ng pagtulong ng iba pang kasapi ng mag-anak.

## IKATLONG ARAW


## Pamamaraan

Panimulang Gawain

Pagganyak

1. Pagbalik-aralan ang talatakdaang pang mag-anak. Pakikinggan ng klase ang inihandang awitin ng bawat pangkat.

2. Sabihin: May dayagram na fish bone sa pisara. Kumuha ng pirasong kartolina at iakma ito sa pinagkukunang bagay na maaaring gamitin sa ibat-ibang gawain sa tahanan. Tingnan ang dayagram.



**Panlinang na Gawain**

1. Maraming yamang lupa sa ating kapaligiran na maaaring pagkunan upang magamit sa ibat-ibang gawain sa tahanan. Saan maaaring gamitin ang mga nakapaskil sa pisara?
2. Pangkatang Gawain: Mag-isip ng iba pang bagay na ginagamit sa ating tahanan ayon sa talatakdaan sa ibaba.

**Pinagkukunang Bagay Ayon sa Talatakdaan**

Gamit	Pinagkukunan
a. Paglilinis ng bahay	bunot - puno ng niyog (bunga) walis - puno ng niyog (palapa) (tingting)
b.	
c.	
d.	

3. Maglaan ng limang minuto sa pagbuo nito.

### **Pangwakas na Gawain**

1. Tumawag ng iba pang kasapi para mag-ulat.
2. Itanong:
  - a. Sa paanong mga paraan makatitipid sa mga kagamitan sa paglilinis ng tahanan at paaralan?
  - b. Kapag marami kang nagawang pinagkukunan gaya ng bunot, walis tingting, ano ang gagawin mo rito?

### **Pagtataya**

Sumulat ng maikling kuwento tungkol sa paksang tinatalakay.

### **Takdang Aralin**

Iguhit sa kuwaderno ang mga tinalakay na pinagkukunan.

---

## **Aralin 7: Tindahang Tingian at Tindahang Kooperatiba**

Batayang Mensahe: Ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran (*risk-taking*)

Batayang Pagpapahalaga: Pagiging malikhain at mapanuri

Bilang ng araw ng Pagtatalakayan: 1 araw

### **Layunin:**

1. Napaghahambing ang tindahang tingian at tindahang kooperatiba

**Paksang Aralin:** Pagkakaiba ng Tindahang Tingian at Tindahang Kooperatiba

Sanggunian: EPP 6 *Distance Education For Elementary Schools* - SIM Agap at Sikap p. 270; PELC/BEC D 1.3

Kagamitan: larawan ng tindahan, *flash cards*, *tsart*



**Pamamaraan**

Panimulang Gawain

- Balik-aralan ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagtatatag ng kooperatiba tulad ng:
  - lugar
  - mamimili
  - puhunan
  - pamamaraan ng pagtitinda at pamimili
  - kasapi
- Punan ng tamang titik ang bawat kahon upang bumuo ng mga salitang may kaugnayan sa kooperatiba.

P			A
---	--	--	---

	A	S		P	I
--	---	---	--	---	---

		H	U		A	N
--	--	---	---	--	---	---

B		N	G		O
---	--	---	---	--	---

L		G		R
---	--	---	--	---

T		N	D			N
---	--	---	---	--	--	---

- Pagkatapos na mabuo ang mga salita tanungin ang mga bata kung bakit may kaugnayan ang mga salitang ito sa kooperatiba. Hayaang ipaliwanag ng mga bata ang kanilang sagot

Panlinang na Gawain

- Magpakita ng larawan ng tindahang tingian at tindahang kooperatiba.




A



B

2. Pangkatin ang mga bata sa anim na grupo. Paghahambingin ng bawat pangkat ang mga larawan at isusulat ito sa *Venn diagram*.



3. Mula sa mga sagot ng mga bata, piliin ang mga mahahalagang konsepto o salita at itala ito sa pisara.
4. Ilahad ang tsart na nagpapakita ng kaibahan ng tindahang tingian at tindahang kooperatiba.

Tindahang Tingian	Tindahang Kooperatiba
1. Kadalasan, isa lamang ang nagmamay-ari	1. Maraming tao ang nangangasiwa.
2. Galing sa isang tao ang puhunan.	2. Nanggagaling ang puhunan sa mga kasapi.
3. Maliit lang ang puhunang kailangan.	3. Nangangailangan ng malaking puhunan.
4. Ang tubo ay napupunta sa isang tao.	4. Ang bawat kasapi ay may karapatang tumanggap ng dibidendo.
5. Pinangangasiwaan ng ilang tao lamang	5. Ang pamamahala at desisyon ay pinagkakaisahan ng mga kasapi
6. Unti-unti ang pagbili ng paninda	6. Maramihan ang pamimili
7. Ang paghina o paglakas ng benta ay nakasalalay sa magandang relasyon ng pagtitinda at ng namimili	7. Nakasalalay ang tagumpay sa pagsasagawa ng mga tungkulin at karapatan ng bawat kasapi

### Pangwakas na Gawain

1. Hayaang suriin at ihambing ng mga bata ang mga katangiang nabuo nila at ang mga katangiang ipinakita ng guro.
2. Itanong: Anu-ano ang kaibahan ng tindahang tingian at tindahang kooperatiba?
3. Magpadebate sa mga bata tungkol sa isyung ito:

Alin ang mas mainam na itatag, tindahang tingian o tindahang kooperatiba?

### Pagtataya

Isulat ang T kung ito'y naglalarawan ng tindahang tingian at K kung tindahang kooperatiba.

- \_\_\_\_\_ 1. Isa lamang ang nagmamay-ari ng tindahang ito.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang bawat kasapi ng tindahang ito ay may karapatang tumanggap ng dibidendo.
- \_\_\_\_\_ 3. Nanggagaling ang puhunan sa mga kasapi.
- \_\_\_\_\_ 4. Binubuo ng ibat-ibang lupon.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang pamamahala at desisyon ay galing sa may-ari.

### Takdang Aralin

Magtala ng mga katangiang maaaring maging magkatulad ang tindahang tingian at tindahang kooperatiba.

---

## Aralin 8 - Ang Pagbabangko Ng Kita

Batayang Mensahe: Pahalagahan ang perang kinita sa pamamagitan ng pagbabangko.

Batayang Pagpapahalaga: Pag-iimpok

Bilang ng Araw ng Pagtatalakay: 1 araw

**Layunin:** Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagbabangko ng kita.

**Paksang Aralin:** Kahalagahan ng Pagbabangko ng Kita

Sanggunian: *Microfinance Handbook*, August 2005, PELC

Kagamitan: Mga Larawan :

- isang maliit na puwesto ng kainan sa loob ng palengke (Aling Emma's Kainan)
- isang maliit na puwesto ng litsunang manok (Ed's Lechon Manok) sa loob din ng palengke
- *Microfinance Handbook*
- 2 brown envelope na may lumang manila paper at pentel pen, at kopya ng kuwentong:  
Ang Pamilya Sasil

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

### Paghahawan ng Balakid

Ang *microfinance* o maykropinans ay serbisyong pananalapi tulad ng pagdedeposito, pangungutang, pagbabayad, atbp. para sa mga mahihirap na naghahanap-buhay o mayroong negosyo (*entrepreneurial poor or e-poor*). Ito ay matatagpuan sa mga piling bangko (*rural at thrift banks*) at sa mga NGO's.

## Pagganyak

Narinig o nabasa na ba ninyo ang mga katagang:

Sa **MICROFINANCE**

Aangat ang kabuhayan

Aasenso ang pamayanan?

Kung mayroon kang pagkakataong kumita ng pera, o kung mayroon kang naipong pera, saan mo ito dapat ilagak o itago?

## Panlinang na Gawain


### Paglalahad

1. Ipakita ang larawan:

a.



b.



2. Pangkatin sa dalawang pangkat ang klase, Pangkat A at Pangkat B. Pumili ng lider at secretary ang bawat pangkat.
3. Ipabasa ang kuwento nang malakas sa pinakamahusay bumasa sa pangkat. Siguraduhin ng lider na nakikinig lahat ang mga kasapi habang binabasa ang kuwento.

## Ang Pamilya Sasil

Mula sa lungsod ng Cebu, lumipat ng tirahan ang mag-asawang Eduardo at Emma Sasil sa Kapatagan, Lanao del Norte. Kinuha nila ang kanilang naipong pera na P9,000.00 na nakalagak sa bangko at nagsimula sila sa maliit na negosyo. Umupa sila ng maliit na puwesto ng kainan at maliit na puwesto ng litsunang manok sa loob ng palengke.

Si Mang Eduardo ang namahala sa litsunang manok at si Aling Emma naman ang namahala sa maliit na kainan.

Sa loob ng 2 buwan, mabilis na lumago ang kanilang negosyo. Sinisigurado ng mag-asawa na lahat ng kanilang kinikita ay iniimpok sa bangko.

Nangailangan ang mag-asawa ng karagdagang halaga, para sa pagpapalaki ng kanilang negosyo. Nalaman ito ng kanilang mga kaibigan. Sinamahan sila sa Kapatagan *Valley Rural Bank* (KVRB) sa Kapatagan Lanao del Norte. Napahiram sila ng P5,000.00. Ipinamili nila ito ng mga karagdagang kagamitan sa kainan. Pagkaraan ng tatlong buwan, nabayaran na nila ang P5,000.00 at humiram ulit sila ng P15,000.00 upang magbukas ng kainan at litsunang manok sa ibang lugar sa Kapatagan.

Napalago nila ulit ang nautang na pera sa KVRB. Ang KVRB ay isa sa mga bangko na kung saan mayroong serbisyong pagpapautang sa mga mahihirap na nagnenegosyo sa ilalim ng *microfinance*.

Pagkaraan ng dalawang taon, umabot na ang kanilang naimpok na pera sa bangko ng P450,000.00. Sa kasalukuyan, mayroon na silang 23 tauhan. Nakabili na sila ng dalawang sasakyan at ang kanilang dating maliit na kainan ay isang restawran na ngayon. Ito ay dahil sa tulong ng *microfinance* at dahil din sa kanilang paniniwala na ang pag-iimpok ng pera sa bangko ay makakatulong upang mapalago ang negosyo.

## Pagtatalakayan

Pasagutan ang sumusunod na tanong sa bawat pangkat. Ipasulat ang sagot ng bawat pangkat sa manila paper:

1. Paano nagsimula ang negosyo ng Pamilya Sasil?
2. Paano napalago ng mag-asawang Eduardo at Emma ang kanilang negosyo?
3. Saan dinadala ng mag-asawa ang kita ng kanilang negosyo?
4. Ano ang paniniwala ng mag-asawa sa pagbabangko ng kita sa kanilang hanapbuhay.

5. Ikabit sa pisara ang natapos na gawa at ipaulat ito sa lider.

### **Pangwakas na Gawain**

#### **Paglalahat**

Gabayan ang mga bata sa pagbuo ng konsepto tungkol sa kahalagahan ng pagbabangko ng kita. Gabayan din ang mga bata kung paano makatutulong ang *microfinance* sa pagpapaunlad ng negosyo.

#### **Paglalatap**

1. Kung ikaw ay nagtitinda ng kakanin o anumang pinagkakakitaan at ang kinikita mo ay umaabot ng P200.00, magkano o ilang porsyento ang maaari mong itabi at ilagak sa bangko?
2. Kung ang baon mo ay P10.00 araw-araw, magkano o ilang porsyento ang nais mong itabi para maihulog mo sa bangko?

#### **Pagpapahalaga**

Paano nakatutulong ang microfinance sa maliit na negosyo?  
Ano ang kahalagahan ng pagbabangko ng kita?

#### **Pagtataya**

Basahin ang sumusunod na pangungusap. Lagyan ng tsek (✓) ang pangungusap na nagpapahayag ng pagpapahalaga ng perang kinita:

- \_\_\_\_\_ Iniipon ang perang labis sa baon araw-araw.
- \_\_\_\_\_ Binibili lamang ang mga mahahalagang bagay para sa sarili at kagamitan sa pag-aaral.
- \_\_\_\_\_ Bumibili ng pagkain para sa mga nakababatang kapatid.
- \_\_\_\_\_ Nagungutang ng pera sa kaklase kung mayroong nais bilhin.
- \_\_\_\_\_ Inilalagak sa bangko ang naipong pera.
- \_\_\_\_\_ Lumalapit sa mga thrift at rural na bangko upang mapalago ang perang naipon.
- \_\_\_\_\_ Bumibili ng mga laruan para sa mga nakababatang kapatid.
- \_\_\_\_\_ Nagtatabi ng pera mula sa baon araw-araw.
- \_\_\_\_\_ Ibinabalik sa nanay ang labis na baon.
- \_\_\_\_\_ Ipinahihiram sa kamag-aral ang perang natira sa baon.

### Takdang Aralin

Itala ang mga 5 mahihirap na kapitbahay na mayroong negosyo. Isulat din ang uri ng kanilang maliit na negosyo, puhunan at pinagkunan ng puhunan:

Kapitbahay	Uri Ng Negosyo	Puhunan	Pinagkunan ng Puhunan
A B C D E			



## ACKNOWLEDGMENT

The development of the Teaching Guide for the integration of Financial Literacy lessons in *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan* (Home Economics and Livelihood) was made possible through the cooperative efforts of the Bureau of Elementary Education (BEE) of the Department of Education (DepEd) and the Divisions of Cavite, San Jose del Monte, Makati, Batangas, Bataan, Eastern Samar, Valenzuela, Negros Oriental and Cotabato City; the Economic Policy Reform & Advocacy (EPRA), a cooperative project between the Ateneo de Manila University and the United States Agency for International Development (USAID); and the Corporate Affairs Office of the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).

# PROJECT TEAM

---

## MANAGEMENT

---

### **BSP – Corporate Affairs Office**

FE M. DELA CRUZ  
Director

ROBERTO T. SYQUIA  
Deputy Director

LORENA C. PANGAN  
Deputy Director

BENJAMIN M. ALCANTARA  
Assistant Manager

### **Economic Policy Reform & Advocacy**

DR. CIELITO F. HABITO  
Project Director

DR. EMMANUEL F. ESGUERRA  
Subject Specialist

Project Coordinators  
FERNANDO D. ANTOLIN, JR.  
LORNA G. VILLAMIL

### **DepEd – Bureau of Elementary Education**

TERESITA G. INCIONG  
Assistant Secretary  
Programs and Projects

YOLANDA S. QUIJANO  
Director IV

MERLITA A. NOLIDO  
Chief, Curriculum Development Division

SIMEON A. T. EBOL  
Assistant Chief, CDD

### **BEE - CDD**

ELIZABETH J. ESCAÑO  
IRENE C. DE ROBLES  
ROGELIO O. DOÑES

---

### **DepEd**

---

Writers:

**Marina N. Pabelonia**, Division of Eastern Samar • **Dolores M. Lavilla**, Division of San Jose del Monte  
**Shirley A. Macawile**, Division of San Jose del Monte • **Honorato S. Altar**, Division of Eastern Samar  
**Teresita B. Doblón**, Division of Cavite City • **Bernadette T. Luna**, Division of Cavite City

DepEd Encoders

**Roy L. Concepcion**, BEE • **Celisa B. Anos**

DepEd Illustrators

**Eric S. de Guia**, BEE • **Fermin Fabella Jr.**, BEE

---

### **BSP STAFF**

---

BSP Illustrator

**Francisco M. Valdez**

Layout Artists

**Archie DC. Yumul** • **Dennis Q. Catacutan** • **Mark Andrew L. Casul**

Administrative Support

**Milagros A. Soriano**

BSP Project Coordinators

**Jetzer M. Tan** • **Lizette S. Ocampo**